2018

PRIVATE EDUCATION ASSISTANCE COMMITTEE
Trustee of the Fund for Assistance to Private Education

DEPARTMENT OF EDUCATION

# LEARNING MODULE

**Filipino** G7 | Q3

# Panitikan ng Luzon



PEAC
PRIVATE EDUCATION ASSISTANCE COMMITTEE
Trustee of the Fund for Assistance to Private Education

PEAC National Secretariat
Units 2505-2507, 25th Floor Philippine AXA Life Centre
1286 Sen. Gil Puyat Avenue corner Tindalo St., Makati City
Tel No.: (02) 8-570-7322
Fax No.: (02) 8-511-7695

## NOTICE TO THE SCHOOLS

This learning module (LM) was developed by the Private Education Assistance Committee under the GASTPE Program of the Department of Education. The learning modules were written by the PEAC Junior High School (JHS) Trainers and were used as exemplars either as a sample for presentation or for workshop purposes in the JHS In-Service Training (INSET) program for teachers in private schools.

The LM is designed for online learning and can also be used for blended learning and remote learning modalities. The year indicated on the cover of this LM refers to the year when the LM was used as an exemplar in the JHS INSET and the year it was written or revised. For instance, 2017 means the LM was written in SY 2016-2017 and was used in the 2017 Summer JHS INSET. The quarter indicated on the cover refers to the quarter of the current curriculum guide at the time the LM was written. The most recently revised LMs were in 2018 and 2019.

The LM is also designed such that it encourages independent and self-regulated learning among the students and develops their 21st century skills. It is written in such a way that the teacher is communicating directly to the learner. Participants in the JHS INSET are trained how to unpack the standards and competencies from the K-12 curriculum guides to identify desired results and design standards-based assessment and instruction. Hence, the teachers are trained how to write their own standards-based learning plan.

The parts or stages of this LM include Explore, Firm Up, Deepen and Transfer. It is possible that some links or online resources in some parts of this LM may no longer be available, thus, teachers are urged to provide alternative learning resources or reading materials they deem fit for their students which are aligned with the standards and competencies. Teachers are encouraged to write their own standards-based learning plan or learning module with respect to attainment of their school's vision and mission.

The learning modules developed by PEAC are aligned with the K to 12 Basic Education Curriculum of the Department of Education. Public school teachers may also download and use the learning modules.

Schools, teachers and students may reproduce the LM so long as such reproduction is limited to (i) non-commercial, non-profit educational purposes; and to (ii) personal use or a limited audience under the doctrine of fair use (Section 185, IP Code). They may also share copies of the LM and customize the learning activities as they see fit so long as these are done for non-commercial, non-profit educational purposes and limited to personal use or to a limited audience and fall within the limits of fair use. This document is password-protected to prevent unauthorized processing such as copying and pasting.

FILIPINO 7

# Modyul 3: Panitikan Ng Luzon

☑ **Panimula ng Modyul at Mahahalagang Tanong**

Ang panitikan ay salamin ng lipunan. Anumang nangyayari sa lipunan ay lumilitaw sa ilang pangyayari sa akda maging sa tagpuan at tauhan. Bagamat hindi tunay na hinango ang ilang akda dahil likha ito ng malikhaing imahinasyon ng manunulat, may mga kultura at buhay sa isang lipunang inilalarawan ng akda. May panitikan ding nalikha hango sa buhay at kulturang naging bahagi na ng buhay ng may- akda o maaaring kanyang namasdan, nasaliksik, o napag-alaman. Nagiging daan ito upang makilala at maunawaan ang identidad o pagkakakilanlan, buhay na ginagalawan, katangian at kultura ng isang lipunang maaaring kaiba o katulad ng ating mundong ginagalawan.

Kilala mo ba ang iyong pook na kinabibilangan? Nais mo bang makilala ang iyong pinanggalingan o ng pagkakakilanlan ng isang lugar, lipunan o mundong ginagalawang hindi naman kaiba sa inyo? Nais mo bang makita ang tunay na larawan ng isang isla na may natatangi at magagandang kultura at pagkakakilanlan? Matutunghayan mo ang larawan ng pagkakakilanlan ng Luzon sa pamamagitan ng iba't ibang anyo ng panitikang iyong babasahin at pahahalagahan gaya ng mga tula, awitin, kuwentong-bayan, sanaysay at maikling kuwento. Matapos makilala ang ilang kaugalian o pagkakakilanlan ng Luzon, maaari mo na ring maihambing ang mga ito sa iyong pook na kinabibilangan. Patutunayan natin kung nakikilala nga ba ang pinagmulan, identidad at kultura ng isang lahi sa pamamagitan ng pag-unawa sa mga akdang pampanitikan ng isang rehiyon. **Paano makikilala ang identidad at kultura ng isang lahi? Bakit mahalagang maunawaan ang mga akdang pampanitikan ng isang rehiyon?**

Sa modyul na tatalakayin, tutuklasin mo ang mga kasagutan sa mga tanong na ibinigay sa pamamagitan ng ating pagsusuri sa iba't ibang panitikan sa rehiyong Luzon.

### ☑ Saklaw ng Modyul

Ang modyul na ito ay naglalaman ng mga sumusunod na aralin:

| Aralin Blg. | Pamagat | Matututuhan mo ang… | Blg. ng Sesyon |
|---|---|---|---|
| Aralin1 | Panitikan:<br>Mga tulang panudyo, tugmang de -gulong, palaisipan/ bugtong<br><br>Wika:<br>Mga Suprasegmental at Di-berbal na komunikasyon | • Naipaliliwanag ang kahalagahan ng paggamit ng suprasegmental at di-berbal na palatandaan sa tekstong napakinggan<br>• Nailalahad ang pangunahing ideya ng tekstong nagbabahagi ng bisang pandamdamin ng akda<br>• Naihahambing ang mga katangian ng tula/awiting panudyo, tugmang de gulong at bugtong o palaisipan<br>• Nasusuri ang nilalaman ng napanood na dokumentaryo kaugnay ng tinalakay na akda<br>• Nabibigkas nang may wastong ritmo ang ilang halimbawa ng akda<br>• Naiaangkop ang wastong intonasyon sa pagbigkas ng mga akda<br>• Nagagamit nang wasto ang mga primarya at sekundaryang pinagkukunan ng mga impormasyon | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Aralin 2 | Mito/Alamat/Kuwentong-bayan<br><br>Wika:<br>Mga Salitang Hudyat ng Simula, Gitna at Wakas ng Akda | • Natutukoy ang magkakasunod at magkakaugnay na mga pangyayari sa tekstong napakinggan<br>• Napaghahambing ang mga katangian ng akda batay sa paksa,tauhan, tagpuan,<br>• kaisipan at mga aspektong pangkultura(heo-grapiya at uri ng pamumuhay) na nagbibigay-hugis sa kultura ng Luzon<br>• Nasusuri ang mga katangian at elemento ng mito,alamat at kuwentong-bayan<br>• Nabibigyang-kahulugan ang mga salita sa tindi ng pagpapakahulugan<br>• Naipaliliwanag ang tema at iba pang elemento ng mga akda batay sa napanood na mga halimbawa<br>• Naisasalaysay nang maayos at magkakaugnay ang mga pangyayari sa nabasa o napanood na uri ng akda (mito, alamat, kuwentong-bayan)<br>• Naibubuod ang isang mito/alamat/ kuwentong-bayan nang may maayos na pagkakaugnay-ugnay ng mga pangyayari | |


| | | | |
|---|---|---|---|
| | | • Nagagamit nang wasto ang angkop na mga pahayag sa panimula,gitna at wakas ng isang akda | |
| Aralin 3 | Panitikan: Sanaysay<br><br>Wika:<br>Mga Pahayag sa Paghi-hinuha ng Pangyayari | • Nahihinuha ang kaalaman at motibo/pakay ng nagsasalita batay sa napakinggan<br>• Naibubuod ang tekstong binasa sa tulong ng pangunahin at mga pantulong na kaisipan<br>• Naipaliliwanag ang kahulugan ng salitang nagbibigay ng hinuha<br>• Nasusuri ang mga elemento at sosyo-historikal na konteksto ng napanood na dulang pantelebisyon<br>• Naibabahagi ang ilang piling diyalogo ng tauhan na hindi tuwirang ibinibigay ang kahulugan<br>• Naisusulat ang isang talatang naghihinuha ng ilang pangyayari sa teksto<br>• Nasusuri ang mga pahayag na ginamit sa paghihinuha ng pangyayari | |
| Aralin 4 | Panitikan:<br>Maikling Kuwento/Dula<br><br>Wika:<br>Mga Panandang Anaporik at Kataporik ng Pangngalan | • Napaghahambing ang mga katangian ng mga tauhan sa napakinggang maikling kuwento<br>• Nahihinuha ang kahihinatnan ng mga pangyayari sa kuwento | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | • Nabibigyang-kahulugan ang mga salita batay sa konteksto ng pangungusap<br>• Naiaangkop sa sariling katauhan ang kilos, damdamin at saloobin ng tauhan sa napanood na dula gamit ang *mimicry*<br>• Naisasagawa ang *mimicry* ng tauhang pinili sa nabasa o napanood na dula<br>• Naisusulat ang buod ng piling tagpo gamit ang kompyuter<br>• Nagagamit ang wastong mga panadang anaporik at kataporik ng pangngalan<br>• Nagagamit sa pananaliksik ang kasanayan sa paggamit ng bagong teknolohiya tulad ng kompyuter | |
| Aralin 5 | Panitikan:Pangwakas na Gawain<br><br>Wika: Mga Pahayag sa Pagtugon sa Anumang Mensahe | • Nasusuri ang mga salitang ginamit sa pagsulat ng balita ayon sa napakinggang halimbawa<br>• Natutukoy ang datos na kailangan sa paglikha ng sariling ulat-balita batay sa materyal na binasa<br>• Nabibigyang kahulugan ang mga salitang ginamit sa ulat-balita<br>• Naimumungkahi ang karagdagang | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | impormasyon tungkol sa mga hakbang sa pagsulat ng balita batay sa balitang napanood sa telebisyon<br>• Naisasagawa ang komprehensibong pagbabalita(news-casting) tungkol sa sariling lugar/ bayan<br>• Nagagamit ang angkop na mga salita sa pag-uulat tungkol sa sariling lugar/ bayan<br>• Nagagamit nang wasto ang mga pahayag na pantugon sa anumang mensahe<br>• Nagagamit sa pagbabalita ang kasanayan sa paggamit ng makabagong teknolohiya gaya ng kompyuter at iba pa | |

## ☑ Concept Map ng Modyul

Ito ang simpleng *concept map* ng mga araling tatalakayin sa modyul na ito.




## ☑ Inaasahang mga Kasanayan

Pagkatapos na mapag-aralan at gawin ang nilalaman ng modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Nakapananaliksik ng iba't ibang anyo ng panitikan mula sa Luzon.
2. Nasusuri ang mga elemento ng iba't ibang anyo ng panitikan.
3. Nasasagutan ang mga inihandang mga gawain/ pagsasanay at wika.
4. Nakasusulat ng balita.
5. Naisasagawa ang mga *mini-task* at inaasahang pagganap.

## PANIMULANG PAGTATAYA

Alamin natin ngayon kung may kaalaman ka sa araling tatalakayin sa pamamagitan nang pagsagot sa panimulang pagtataya. I-klik lamang ang titik ng wastong sagot at sagutan lahat ang mga tanong. Pagkatapos ay makikita mo ang nakuha mong iskor. Tandaan mo ang mga aytem at mga tanong na hindi mo nasagot. Malalaman mo ang wastong sagot habang pinag-aaralan mo ang modyul na ito.

Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA

Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong. I-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Ano ang patulang paglalahad ng kaisipan na may layuning mang-aliw sa pamamagitan ng isang palaisipan na tinatawag ding *burburtia* sa mga Ilokano?
   a. tugmang de gulong
   b. kasabihan
   c. bugtong
   d. panudyo

2. Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang sa pangkat ng mga uri ng akdang pampanitikan?
   a. bugtong
   b. mito
   c. kasabihan
   d. awiting panudyo

3. Ang mga akdang nasusulat sa anyong tuluyan ay binubuo ng mga pangungusap at talata. Alin ang hindi nasa anyong tuluyan?
   a. dula
   b. sanaysay
   c. alamat
   d. epiko

Para sa 4-5 na mga tanong, ano ang kahulugan ng salitang may salungguhit sa loob ng pangungusap?

4. Masyado nang <u>gitata</u> ng pawis sa kanyang likod dahil sa matinding pag-eehersisyo.
   a. sobra
   b. basang-basa
   c. tuyot
   d. mabaho

5. Kung patuloy tayong maniniwala sa enigma o *hibat,* patuloy rin tayong mabubuhay sa takot at patuloy na umaasa nang walang kasiguruhan.
   a. problema o pagsubok
   b. grasya o pagpapala
   c. himala o hiwaga
   d. pag-asa o solusyon

6. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang mali?
   a. Ang tugmang de gulong ay ang mga paalala na maaari nating matagpuan
      sa mga pampublikong sasakyan.
   b. Ang bugtong ay isang pangungusap o tanong na may doble o nakatagong kahulugan na nilulutas bilang isang palaisipan.
   c. Ang tulang panudyo ay kabaligtaran ng eupemistikong pahayag.
   d. Ang tugmang de gulong, panudyo at bugtong ay mga tulang pambata.

7. Ano ang pinakaangkop na katunayan ng pahayag na: *Bagamat para sa lahat ang karunungan, natatamo lamang ito ng mga may puso*?
   a. Lahat ng mababait at masunurin ay nakatatamo ng karunungan.
   b. Lahat ng may mabubuting kalooban ay marunong umiwas sa anumang tukso at nagtatamo ng karunungan.
   c. Lahat ng tao ay may puso at nakatatamo ng karunungan.
   d. Lahat ng taong may pangarap at nagnanais ng pag-unlad ay nakatatamo ng karunungan.

8. Alin sa mga sumusunod ang higit na nangingibabaw na kahulugan ng mga bugtong sa loob ng kahon? Pangatwiranan ang sagot.

Bugtong

Sa bahay ni Sangko Henry
Piyesta araw-araw, gabi-gabi.
Sagot: mall

Hindi naman pelikula
Pinipilahan ng gutom na masa.
Sagot: NFA rice

ni: Geman Gervacio

a. sistemang kolonyal at sikolohikal
b. politikal at ekonomikal na kalagayan
c. historikal at karapatang pantao
d. modernisasyon at pagbabago ng lipunan

9. Ano ang kahulugan ng pangungusap sa ibaba batay sa antala?

**Ate, Aicel, ang kaibigan ko.**
a. Ipinakikilala mo si ate Aicel sa iyong kaibigan.
b. Ipinakikilala mo sa iyong kaibigan ang iyong ate at si Aicel.
c. Ipinakikilala mo ang iyong ate at si Aicel sa iyong kaibigan.
d. Ipinakikilala mo sa iyong ate si Aicel na iyong kaibigan.

Basahin ang teksto sa ibaba upang masagot ang bilang ng mga tanong 11-14.

Noong araw ay may isang magandang dalagang nagngangalang “Rosa,” na balita sa kanyang angking kagandahan, kayumian, at kabaitan. Maraming nangangayupapa sa kanyang kagandahan. Ngunit ni isa sa mga ito ay hindi niya mapusuan. Dahil ang gusto ni Rosa ay ang maglingkod sa Panginoon at sa pagtulong sa mga nangangailangan ng kanyang tulong. Ngunit si Cristobal, isang mahigpit niyang mangingibig, ay hindi makapapayag na hindi mapasakanya ang dalaga. Ito’y nagtangkang agawin si Rosa at dinala ito sa hardin. Ngunit nananalangin si Rosa sa Panginoon at noon din ay naging bangkay siya. Sa takot ni Cristobal ay ibinaon niya ang dalaga sa bakuran nito at saka siya lumayo sa pook na iyon upang hindi na magbalik kailanman. Mula noon ay hindi na nakita ng mga tagaroon si Rosa. Sa halip, sa bakuran nito ay may isang halamang tumubo na may bulaklak ngunit paghawak sa tangkay nito ay mapasisigaw ka dahil sa talas ng tinik ng halamang hinahawakan. Dahil niloob ito ng Panginoon na gawing bulaklak si Rosa na ang tangkay ay may mga tinik na tagapangalaga rito upang di-pagnasaang putulin lamang nang sinuman.

(http://www.scribd.com/doc/49588241/ALAMAT-NG-ROSAS)

Suriin ang mga pangungusap at tukuyin kung anong pinakaangkop na pahayag ang dapat gamitin sa patlang.

10. Susuportahan ko ang __________na ambisyon ang aking anak.
a. bantog
b. mataas
c. matayog
d. matangkad

11. __________ang Diyos nang higit sa lahat.
    a. hangaan
    b. mahalin
    c. sambahin
    d. ibigin

12. Anong uri ng akdang pampanitikan ang pinakamalapit na katangian ng tekstong iyong binasa?
    a. maikling kuwento
    b. sanaysay
    c. balita
    d. alamat

13. Ano kaya ang maaaring mangyayari o magiging wakas kung hindi ipinilit ni Cristobal ang kanyang kagustuhang mapasakanya si Rosa? Piliin ang pinakaangkop na mangyayari batay sa mga hinuhang nailahad na.
    a. Magiging isang mabuti siyang ina ng kanyang mga anak.
    b. Makakasal siya kay Cristobal kung magtitiyaga siya sa panliligaw sa kanya.
    c. Mananatili siyang tagapaglingkod ng Panginoon.
    d. Magiging matagumpay siyang lider ng bansa.

14. Alin sa mga sumusunod ang katangian ng isang maikling kuwento?
    a. Isang anyong patula na maaaring batay sa totong karanasan ng sinumang nilalang o mga pangyayaring likhang-isip lamang.
    b. Isang maikling salaysay patungkol sa mga diwata, mahiwagang nilalang, may isang tagpuan at ng mga tauhang may taglay na kapangyarihan.
    c. Nagsasalaysay ng mga pangyayaring may iisang kakintalan, may iisang kasukdulan at binubuo ng ilang mga tauhan at tagpuan.
    d. Anyong tuluyan na nagsasalaysay ng makatotohanang pangyayari sa buhay ng manunulat o ng iba't ibang taong dumanas ng masalimuot na buhay sa lipunan.

15. Saan matatagpuan ang puno o pagunahing pangungusap sa talatang binasa sa ibaba?

    | |
    |---|
    | (1) Ang Penicillin ay isa sa mga pinahahalagahang gamot sa kasalukuyan. (2) Nakapagligtas na ito ng libo-libong buhay at magliligtas pa sa mga susunod na panahon. (3) Ngunit wala naman itong epekto sa mga sakit na taglay ng tao lalo na sa masasamang budhi. (4) Mainam na gamot ito kung gayo'y hindi nakagagamot sa lahat ng karamdaman. |

    a. unang pangungusap
    b. gitnang pangungusap
    c. una at huling pangungusap
    d. walang pangunahing pangungusap

16. Sina Fourth at Fifth ay kambal. Sila ay may magkaibang katangian. Ang ganitong paraan ng paglalahad ng kaisipan ay sumusunod sa anong kohesyong gramatikal?
    a. kataporik
    b. metodolohiya
    c. anaporik
    d. suprasegmental

17. Anong uri ng akdang pampanitikan ang teksto sa ibaba?

| |
|---|
| Manalig kang may Dakilang Lumikha na siyang namamatnugot sa kapalaran ng tao at ng bansa.<br>Ibigin mo ang iyong tinubuang lupa sapagkat iyan ang tahanan ng iyong bayan, ang pugad ng iyong pag-ibig, at batis ng iyong kaligayahan at ginahawa. Kauna-unahan mong tungkulin ang siya'y ipagtanggol. Humanda ka sa lahat ng sandali na magpakasakit at mamatay nang dahil sa kanya kung kinakailangan.<br>Magbayad ka ng kusa at maagap ng iyong buwis.<br>Ipagsanggalang mo ang kalinisan ng paghahalal at igalang ang mga kapasiyahan ng nakararami.<br>Ibigin mo ang iyong mga magulang. Tungkulin mong sila'y paglingkuran nang buong puso at kasiyahan.<br>Mamihasa ka sa paggamit ng mga yari sa Pilipinas. Tangkilikin mo ang mga ani at kalakal ng iyong mga kababayan.<br>Ang gawaing masama ang pagkakagawa ay mas masahol pa sa gawaing di-ginawa.Huwag mong ipagpabukas ang magagawa mo ngayon.<br><br>Mula sa Batas ng Kagitingan at Kagandahang Asal na hinango ang ilang bahagi sa Kautusang Tagapagpaganap Blg. 217 na inilagda ni Pangulong Manuel Quezon noong Agosto 19, 1939. |

    a. tula
    b. sanaysay
    c. balita
    d. dula

18. Alin sa mga sumusunod na sitwasyon ang malinaw na lumalabag sa batas na nilagdaan ni dating Pangulong Manuel Quezon?
    a. Hindi ko matatanggap ang aking pagkatalo sa eleksyon dahil alam kong mas karapat-dapat akong manalo kaysa sa aking kalaban.
    b. Kailangan kong mag-aral sa ibang bansa upang maging matalino at doon na magtrabaho upang umunlad naman ang aming buhay.

c. Sasama ako sa welga ng mga kapwa ko Pilipino upang tutulan ang batas na lumalabag sa aking karapatan.
d. Mas tatangkilikin ko ang gawang dayuhan kaysa produkto o gawang Pilipino kung alam kong hindi naman matibay at makasisira sa aking kalusugan.

19. Naatasan kang alamin ang persepsyon ng iyong mga kamag-aral sa mga dapat at hindi dapat na maisabuhay na kaugaliang kinagisnan ng ating mga katutubo. Alin sa mga sumusunod ang pinakaangkop , pinakamabilis at mabisang pamamaraan sa pangangalap ng datos?
   a. Pakikipanayam sa lahat ng kamag-aral
   b. Pagbabasa ng mga aklat
   c. Pagsasagawa ng sarbey upang alamin ang sagot ng nakararami
   d. Pagpo-*post* sa *social networking sites* upang alamin ang kanilang pananaw

20. Ikaw ay makikipanayam sa ilan sa mga matatanda sa inyong pook upang alamin ang kanilang kinagisnang kultura at paniniwala. Ano-anong mga hakbang ang kailangan mong maisagawa?
   a. Hihingi ng permiso sa barangay captain at pamunuan ang pulong sa *barangay hall* upang magbigay ng seminar.
   b. Makikihalubilo at makikipagkuwentuhan sa umpukan ng mga matatanda o kaya'y magbahay-bahay para magsarbey.
   c. Magpa-*party* sa komunidad ng mga katutubo upang mahimok silang tumugon sa iyong mga tanong.
   d. Magpamudmod ng polyetos sa bawat tahanan upang mabigyan sila ng kaalaman sa mga dapat maisabuhay na kaugalian.

Ngayong natapos mong sagutin ang mga tanong, maaari mo nang maisagawa ang mga gawaing inihanda.

# ARALIN 1

**Panitikan:** Mga Tulang Panudyo, Tugmang de-Gulong, Palaisipan/Bugtong
**Wika:** Mga Suprasegmental at Di- berbal na Komunikasyon

## PAGTUKLAS

Sisimulan mo ang modyul na ito sa pamamagitan ng pagtuklas sa mga mahahalagang kaisipang inilalantad ng bawat teksto. Sa iyong paggalugad sa bahaging ito ng modyul, pag-isipan mo ang tungkol sa tanong na ito: Paano makikilala ang identidad at kultura ng isang lahi?

Ang tanong na ito ay ilan sa mahahalagang tanong na iyong sasagutin sa modyul na ito. Simulan mo kung gayon ang modyul na

ito sa pamamagitan sa pagsagot sa mga gawaing matutuklasan mo ang iyong natatanging kaalaman lalo na sa mga maiikling tula.

## GAWAIN 1. Bugtong, Bugtong

Mahilig ka bang manghula? Subukin mo ngang sagutin ang mga sumusunod na bugtong. Ilan kaya ang masasagot mo?

| BUGTONG | SAGOT |
|---|---|
| 1. *Isang biyas na kawayan, Maraming lamang kayamanan* | |
| 2. *Nang hawakan ko ay patay, Ngunit nang ihagis ay buhay.* | |
| 3. *Ako ay dala niya, Dala ko naman siya.* | |
| 4. *May puno walang bunga, May dahon walang sanga.* | |
| 5. *Narito na si katoto, May dala-dalang kubo.* | |
| 6. *Ang ibabaw ay tawiran, Ang ilalim ay lusutan.* | |
| 7. *May ulo walang tiyan May leeg, walang beywang.* | |

| | |
|---|---|
| 8. *Nanganak ang aswang,*<br>*Sa ituktok nagdaan* | |
| 9. *Hindi pari hindi hari,*<br>*Nagdadamit ng sari-sari.* | |
| 10. *Kung kailan piñatay,*<br>*Saka humaba ang buhay* | |

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ilan ang sa palagay mo ay tama? Kaya mo rin bang bumuo ng bugtong?
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

2. Naging kawili-wili ba sa iyo ang pagsagot mo sa mga bugtong? Bakit?
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

3. Ano ang nagagawa ng mga bugtong sa buhay ng tao?
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

4. May sinasabi ba ang mga bugtong tungkol sa paniniwala ng mga tao ang kanilang kultura at pagkakakilanlan? Ipaliwanag.
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

## GAWAIN 2. Kaya ba ng *Powers* Ko?

Kung nasagot mo ang mga bugtong, kaya mo rin bang maisagawa ang mga kasanayan na nasa grapikong pantulong? I-tsek (✓) mo nga kung kakayanin na ng *powers* mong gawin o unawain ang mga sumusunod na kasanayan.

| **Mga Kasanayan** | **Kayang-Kaya** | **Hindi Pa** |
|---|---|---|
| Naipaliliwanag ang kahalagahan ng paggamit ng suprasegmental at di-berbal na palatandaan sa tekstong napakinggan | | |
| Nailalahad ang pangunahing ideya ng tekstong nagbabahagi ng bisang pandamdamin ng akda | | |
| Naihahambing ang mga katangian ng tula/awiting panudyo, tugmang de gulong at bugtong o palaisipan | | |
| Nasusuri ang nilalaman ng napanood na dokumentaryo na kaugnay ng tinalakay na akda | | |
| Nasusuri ang akda batay sa itinakdang pamantayan | | |
| Nabibigkas nang may wastong ritmo ang ilang halimbawa ng akda | | |
| Naiaangkop ang wastong intonasyon sa pagbigkas ng mga akda | | |
| Nagagamit nang wasto ang mga primarya at sekundaryang pinagkukunan ng mga impormasyon | | |

**Katapusang Bahagi ng Pagtuklas**

Ang matutuhan mo sa mga susunod na bahagi ay makatutulong sa iyong magkaroon ng kaalaman at malinang ang iyong kasanayang hindi mo pa kaya mula sa iyong sinagutan sa pangalawang gawain. Lilinawin sa bahaging ito ng modyul ang mahahalagang detalye na magagamit mo sa pagsusuri ng ilang maiikiling tula gaya ng bugtong, tugmang de- gulong at tulang panudyo. Maaari mo nang gawin ang susunod na mga gawain.

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Kapag binigkas ang tula, nagiging maganda sa pandinig. Maganda sa tunog at kapupulutan ng aral sa buhay kung pakaisipin ang kahulugan.

Ang iyong layunin sa bahaging ito ay matutuhan at maunawaan ang mga kaisipan at kabutihang naidudulot ng iba't ibang uri ng tula gaya ng mga bugtong. Basahin at unawain ang akda. Hinihimok kitang bigkasin ang mga ito nang malakas at masisiguro kong maiibigan mo. Sagutin ang mga tanong pagkatapos ng pagbasa.

### GAWAIN 3. Tula Ko, Ano ang Mensahe?

| Mga Tulang Panudyo | Mga Tugmang De Gulong<br>ni Dr. Paquito Badayos |
|---|---|
| 1. Tutubi,tutubi,<br>Huwag kang pahuhuli<br>sa batang mapanghi<br>Ikaw naman bata,<br>tutubi'y huwag hulihin<br>sapagkat sila'y kaibigan natin.<br><br>2. Pung, pung kasili nanganak sa haligi ,<br>ano ang lumabas?<br>buto't balat, bali bali ang pakpak.<br><br>3. Bata, batuta<br>Samperang muta.<br><br>4. Putak, putak<br>Batang duwag<br>Matapang ka't nasa pugad. | 1. Ang di magbayad mula sa kanyang pinanggalingan<br>Hindi makababababa sa paroroonan.<br><br>2. Kahit ano pa ang ganda mo,<br>Drayber lang ang katapat mo.<br><br>3. Aanhin pa ang gasolina<br>kung jeep ko ay sira na.<br><br>4. Sitsit ay sa aso, Katok ay sa pinto,<br>sambitin ang "para" sa tabi tayo'y hihinto.<br><br>5. Huwag dumi-kwatro sapagkat dyip ko'y di mo kuwarto.<br><br>6. Ms. na sexy, kung gusto mo'y libre sa drayber ka tumabi.<br><br>7. Sa pagtaas ng gasolina, kaming mga drayber ay naghahabol ng hininga. |

| | |
|---|---|
| | 8. God know's Hudas not pay.<br><br>9. Mga pare, please lang kayo'y tumabi pagkat dala ko'y sandatang walang kinikilala - ang aking manibela. |

| | |
|---|---|
| Mga Bugtong<br>ni German Gervacio<br><br>Tatlo sa ulo, apat sa tiyan<br>Sa puwitan, mga tuhod,<br>nag-uumpugan.<br>Sagot: FX<br><br>Patok sa takilya<br>Hindi naman pelikula,<br>Pinipilahan ng gutom na masa.<br>Sagot: *NFA rice* | Bituka ni Tabakalera<br>Kutson at kusot ang nakabara.<br>Sagot: sigarilyo<br><br>Sa bahay ni Sangko Henry<br>Piyesta araw-araw, gabi-gabi.<br>Sagot: mall<br><br>Duguang buhok ni Leticia<br>Sinipsip ng kaniyang bisita.<br>Sagot: spaghetti |

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang naibigan mo sa iyong mga tulang binasa? Bakit?

2. Ano- ano ang katangian ng mga tulang ito na naibign mo? Bakit?

3. Ano-ano ba ang dapat taglayin ng isang tula?

4. Ano ang kaibahan ng mga tulang ito sa ibang mga tulang nabasa mo na?

___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________

5. Ano-ano ang naidulot ng mga tulang ito sa iyo bilang mag-aaral o bilang tao?
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________

6. Ano-anong pag-uugaling Pilipino ang natuklasan mong inilantad ng mga tulang iyong binasa?
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________

7. Paano inilarawan sa mga tulang iyong binasa ang mga natatanging kaugalian o kultura o identidad ng Luzon?
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________

Suriin mo ang ilang mga halimbawa ng tulang iyong binasa upang lubos mong mailahad kung paano inilalarawan ang iba't ibang kaugallian o kultura at identidad ng Luzon sa pamamagitan ng pagpuno sa kahong may pamagat na: *Tula Ko, Ano ang Mensahe?*

| TULA KO, ANO ANG MENSAHE? | |
|---|---|
| **Tulang Panudyo** | **Nais Ipahiwatig o Kahulugan** |
| Tutubi,tutubi,<br>Huwag kang pahuhuli<br>sa batang mapanghi | Nais nitong ipahiwatig ang kalinisan. Mahalagang maging malinis sa pangangatawan upang hindi layuan o maaaring pandirihan ng iba. Nais rin nitong sabihing panatilihing malinis ang kapaligiran upang hindi mapaektuhan ang ibang nilikha ng Panginoon |
| Ikaw naman bata,<br>tutubi'y huwag hulihin<br>sapagkat sila'y kaibigan natin. | |

| | |
|---|---|
| Pung, pung kasili nanganak sa haligi, ano ang lumabas?<br>buto't balat, bali -bali ang pakpak. | |
| Bata, batuta<br>Samperang muta. | |
| Putak, putak<br>Batang duwag<br>Matapang ka't nasa pugad. | |

| **TULA KO, ANO ANG MENSAHE?** | |
|---|---|
| **Bugtong** | **Kaugaliang Pilipino** |
| Tatlo sa ulo, apat sa tiyan<br>Sa puwitan, mga tuhod, nag-uumpugan.<br>Sagot: FX | Hindi maiwasang magsiksikan sa isang sasakyan ang mga Pilipino dahil sa kakulangan ng masasakyan at pagtitiyagaan ang masikip huwag lamang mahuli sa pupuntahan. Gusto namang kumita ang mga drayber kung kaya't hanggat maaari ay mapuno ang sasakyan. |
| Patok sa takilya<br>Hindi naman pelikula,<br>Pinipilahan ng gutom na masa.<br>Sagot: *NFA rice* | |
| Bituka ni Tabakalera<br>Kutson at kusot ang nakabara.<br>Sagot: sigarilyo | |
| Sa bahay ni Sangko Henry<br>Piyesta araw-araw, gabi-gabi.<br>Sagot: mall | |
| Duguang buhok ni Leticia<br>Sinipsip ng kaniyang bisita.<br>Sagot: spaghetti | |

| TULA KO, ANO ANG MENSAHE? | |
|---|---|
| **Tugmang De Gulong** | **Pahiwatig o Mensahe sa Mga Pasahero** |
| Ang di magbayad mula sa kanyang pinanggalingan Hindi makabababa sa paroroonan.<br>God know's Hudas not pay. | Ang mga drayber ay umaasa lamang sa kikitain sa pamamasada at kabawasan pa sa kakaunting kita nito maghapon kung hindi pa magbabayad ang pasahero. Maging tapat tayo sa lahat ng ating ginagawa. Huwag sanang tularan si Hudas na ipinagkanulo si Kristo. |
| Kahit ano pa ang ganda mo, Drayber lang ang katapat mo. Ms. na sexy, kung gusto mo'y libre sa drayber ka tumabi. | |
| Aanhin pa ang gasolina kung jeep ko ay sira na. Sa pagtaas ng gasolina, kaming mga drayber ay naghahabol ng hininga. | |
| Sitsit ay sa aso, Katok ay sa pinto, sambitin ang "para" sa tabi tayo'y hihinto.<br>Huwag dumi-kuwatro sapagkat dyip ko'y di mo kuwarto. | |
| Mga pare, *please* lang kayo'y tumabi pagkat dala ko'y sandatang walang kinikilala - ang aking manibela. | |

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano-ano ang mga natuklasan mong iba't ibang kaugalian at pagkakakilanlan ng Luzon na inilarawan sa mga tulang iyong nabasa?

    ______________________________________________
    ______________________________________________
    ______________________________________________
    ______________________________________________

2. Alin sa mga kaugalian o kultura at pagkakakilanlan ang patuloy mo pa ring nakikita sa kasalukuyan?
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

3. Alin sa mga kaugalian o kultura at pagkakakilanlan ang patuloy mo pa ring nakikita sa kasalukuyan?
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

4. Alin sa mga nabanggit mo ang dapat pang panatilihin? Alin naman ang kailangan nang baguhin o dapat maiwasto? Bakit?
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

5. Sa paanong paraan ka makatutulong upang maiwasto o mabago mo ang mga kaugaliang ito?
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

6. Samakatwid, bakit mahalagang pag-aralan ang mga tulang gaya ng iyong nabasa?
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

**TANDAAN**

Inilalarawan ng mga **tulang panudyo** ang mga kaisipan, pang-araw-araw na buhay at katutubong paligid ng mga Pilipino. Bilang isang maikling tula, madalas itong naging palaisipan sa tuwing naglalaro ang mga bata na naglalayong magbiruan, magtuksuhan, mag-asaran o magpahayag ng babala o paalala sa kapwa bata na mag-ingat sa kanilang gawi, kilos o pananalita.

Ang **Tugmang de gulong** sa simpleng pagpapakahulugan ay ang mga paalala na maaari nating matagpuan sa mga pampublikong sasakyan tulad ng dyip, bus at *tricycle.* Ang "Tugmang De Gulong" ay nabuo ni Dr. Paquito B. Badayos bilang pagpapayaman sa pasalitang uri ng panitikan. Ang mga “Tugmang De Gulong” ay maaaring nasa anyo ng salawikain o ng maikling tula o kasabihan.

Palaisipan at pahulaan naman ang **bugtong**. Isinasagawa ito tuwing may okasyon o anumang pagtitipon gaya ng lamay, kapag walang kuryente, o kaya nama’y kapag walang magawa at nagpapalipas-oras lamang upang malibang. Ang "palavvun" o bugtong ay ginagamit ng mga Ibanag bilang isang anyong pangkasiyahan at isang anyo rin ng tagisan ng talino. Ito ay itinuturing na pangrelaks kung pagod. Sa Pangasinan ay “pablit”a o “bonikew” at “ burburtia” naman sa mga Ilokano.

Bukod pa sa mga bugtong ay ibinigay ni Gervacio ang mga katangian at estruktura ng bugtong na nabanggit sa *Vocabulario de la Lengua Tagala.* Ilan sa mga ito ay ang mga sumusunod:

1. Ito ay isang pagsubok sa siste. Inaasahan na ang bugtong na hulaan ng tagapakinig ang mga bagay na tinutukoy sa pamamagitan ng pagkilala sa pagkakatugma ng literal na paglalarawan at kung ano talaga ang bagay na iyon.

2. Isang uri ito ng *initiatory form of oral lore*. Pagmumulat ito at pagpapatalas ng sensibilidad ng tagapakinig upang salatin mula sa kaniyang karanasan kung ano ang tamang sagot sa bugtong.

3. Bukod sa sinusubok nito ang siste at talim ng isip ng tao, nagiging pagsubok na rin ito ng gunita at alaala.

4. Gumagamit ang bugtong ng mga literal na katotohanan. Ngunit para masagot ito, kinakailangan ng metaporikal na pagtingin.

5. Dahil inaangat nito ang kasanayan sa pag-oobserba ng mga kasangkot, ang pagsagot sa bugtong ay isang pagkilos ng imahinasyon at hindi ng lohika. Nagdudulot ang pagsagot sa bugtong ng kapangyarihan ng kalikasan, ang kalikasang madalas ay mas mahirap maunawaan.

6. Nilalayon ng bugtong ang aktibong pakikisangkot ng mga tagapakinig.

Ang unang linya ay nagbibigay ng pangkalahatang impresyon ng paksa sa pamamagitan ng talinghaga.
(http://glenngomez08.wordpress.com/2013/06/18/talinghaga-at-modernismo-sa-101-bugtong-na-hindi-alam-ng-titser-mo-ni-german-v-gervacio/)

## GAWAIN 4. Paghambingin Mo!

Mula sa nabasang kaalaman tungkol sa mga uri ng tula, gawin ang susunod na kahon upang mailahad ang pagkakaiba at pagkakapareho ng mga ito.

| Mga uri ng Tula | Isa-isahin ang pagkakapareho o kaugnayan ng mga uri ng tulang binasa | Ibigay ang natatanging katangian ng bawat uri ng tula |
|---|---|---|
| Panudyo | | |
| De Gulong | | |
| Bugtong | | |

## TANDAAN



Magiging kawili-wili ang isang tula kung isaalang-alang natin ang kaalaman sa suprasegmental. Sinasabing mas magiging mabisa ang pakikipag-talastasan kung alam nating tukuyin ang kahulugan at layunin ng nagsasalita sa pamamagitan ng suprasegmental o ng haba, diin, tono at antala sa pagbigkas ng anumang pahayag. Basahin at unawain mo ang mga halimbawa.

1. **Haba**
   Mauunawaan ang kahulugan batay sa pagbigkas nang mahaba sa patinig at gumamit ng tuldok para sa pagkilala sa haba.
   Halimbawa: pu. no = leader o tree
   puno= full

mag. sa. sa. ka = pandiwa ( to farm)
magsasaka= pangngalan (farmer)

2. **Diin**
   Mauunawaan ang kahulugan batay sa paggamit ng simbolo sa itaas ng patinig upang bigyang diin ang tunog sa pagbigkas.

   a. Malumay. Mabagal na binibigkas at walang diin sa dulo. Nangangahulugang tuloy-tuloy ang daloy ng hangin sa dulo kung bibigkasin ang salita.
      Halimbawa: pinuno, babae, prinsesa, mabuhay, Pilipino

   b. Malumi. May diing pababa sa dulo ng pantig. Nangangahulugang may pagbara ng hangin sa lalamunan ngunit binibigkas nang mabagal ang salita.
      Halimbawa: lupa, pusa, pagdurusa

   c. Mabilis. May diing pataas sa dulo ng pantig. Nangangahulugang mabilis na binibigkas ang salita at tuloy-tuloy ang hangin sa dulo.
      Halimbawa: paruparo, ako, isa, sising-sisi

   d. Maragsa. May diing pakupya sa dulo ng patinig. Nangangahulugang mabilis na binibigkas at may biglang pagbara ng lalamunan sa dulo ng pantig na may diin.
      Halimbawa: puno (full), tayo (stand), buto (seed), kuko (nail)

3. **Tono**
   Nagpapalinaw ng mensahe o intensyong nais ipabatid sa kausap. May mga bahaging mababa, katamtaman at mataas na tono. Subukin mong bigkasin ang salitang kahapon. Gamitin ang 1 sa mababa, 2 sa katamtaman, at 3 sa mataas.
   KAHAPON- 213; pag-aalinlangan o pagtatanong
   KAHAPON- 231; paniniguro o pagpapatibay
   Maaari namang maunawaan ang pahayag o damdamin batay sa paggamit ng bantas gaya ng mga sumusunod:

| | |
|---|---|
| Talagang darating ka? | May duda sa pagdating niya |
| Talagang darating ka! | Namangha o sumigla sa pagdating niya |
| Talagang darating ka. | May kasiguruhan sa pagdating niya |
| Talagang darating ka… | May nais pang ipahiwatig o sasabihin |

4. **Antala**
   Saglit na pagtigil o paghinto sa pagbigkas sa isa o ilang bahagi ng pahayag upang higit na maunawaan ang mensaheng nais iparating.
   Halimbawa:
      Hindi ako ang pinuno. (Itinatanggi niyang hindi siya ang pinuno.)

Hindi, ako ang pinuno. (Ipinagpipilitan niyang siya ang pinuno.)

## GAWAIN 5. Mga Pagsasanay sa Suprrasegmental

Ibigay ang kahulugan ng mga sumusunod batay sa haba, diin, tono at antala.

A. Isalin sa Ingles ang kahulugan ng salita kung pahahabain ang pagbigkas matapos ang unang pantig.

1. haba=
2. baba=
3. buhay=
4. gabi=
5. baga=
6. lamang=
7. pako=
8. saya=
9. pito=
10. hamon=

B. Gamitin sa pangungusap ang mga sumusunod na salita batay sa ibinigay na diin.

1. tubo (maragsa)=
2. hamon (mabilis)=
3. sala (walang diin)=
4. pagtataya (malumi)=
5. baka (mabilis)=

C. Bumuo ng isang pangungusap na maiuugnay sa sitwasyon. Gumamit ng bantas upang maipakita ang angkop na damdamin.

1. Hindi ka makapaniwalang nagwagi si John Rev sa paligsahan.

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Ipinakikilala mo ang iyong mga kaibigang sina Juliana Aicel at Analyn sa iyong nanay.

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Ipinagpipilitan mong kulay dilaw talaga ang paborito niya.

_______________________________________________

D. Buuin ang mga ginulong pangungusap. Hindi maaaring magdagdag o magbawas ng salita.

1. pala, pala, kahapon , mo, hawak, Jules, ang

_______________________________________________

2. saya, saya, niya, nang, siya talaga, ang, magsuot, ng

_______________________________________________

3. pito, pito, lider, aming, ginamit, ang, ng, na

   ______________________________________

4. puno, puno, toyo, toyo, ng, sa, ang, ng, ulo, gang

   ______________________________________

## GAWAIN 6. Basahin Mo Nang May Damdamin!

Bigkasin mo nga ang kalipunan ng mga tula batay sa boses na iminungkahi. Subuking i-*upload s*a youtube para sa puna o reaksyon ng iyong mag-aaral.

Panimula: Mga kamag-aral at mahal kong guro. Nawa'y masiyahan kayo sa aking tono lalong higit sa mga tula ko.

**A. (Boses Bata)**

Narito po mga mga tugmang panudyo,
Huwag sanang gagayahin *bullying* bawal po!
Pung, pung kasili nanganak sa haligi, ano ang lumabas?
buto't balat, bali bali ang pakpak
Bata, batuta
Samperang muta.
Putak, putak
Batang duwag
Matapang ka't nasa pugad.

**B. (Boses Matanda)**

Mga bugtong nama'y pampatalas-isip
Gawing palagian nang di maging utak-ipis
Tatlo sa ulo, apat sa tiyan
Sa puwitan, mga tuhod,
nag-uumpugan.
Ano ang sagot: FX

Patok sa takilya
Hindi naman pelikula,
Pinipilahan ng gutom na masa.
Tama ba hula niyo? *NFA rice po.*

Bituka ni Tabakalera
Kutson at kusot ang nakabara.
Sagot ng mabisyo aba'y sigarilyo

Sa bahay ni Sangko Henry

Piyesta araw-araw, gabi-gabi.
Diyan mahilig ang Pinoy, ang mall

**C. (Ayon sa nais mong Boses)**

Tugmang de gulong walang uurong
Paalala ng drayber sana'y isulong
Ang di magbayad mula sa kanyang pinanggalingan
Hindi makababa sa paroroonan.
Aanhin pa ang gasolina kung jeep ko ay sira na.
Sitsit ay sa aso, Katok ay sa pinto,
sambitin ang "para" sa tabi tayo'y hihinto.
Huwag Dumi-kuwatro sapagkat dyip ko'y di mo kuwarto.
Sa pagtaas ng gasolina, kaming mga drayber ay naghahabol ng hininga.
God know's Hudas not pay.
Mga pare, please lang kayo'y tumabi pagkat dala ko'y sandatang walang kinikilala - ang aking manibela

Pangwakas: O di ba? May natutuhan ka ba? Maraming salamat at mabuhay ang lahat!

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano-ano ang nakatulong sa iyo upang maging kawili-wili ang iyong ginawa?

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

2. Paano nakatulong ang suprasegmental at mga tulang iyong binasa sa paghahatid ng kultura at pagkilala ng isang lipunan?

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

**Katapusang Bahagi ng Paglinang**

Sa bahaging ito, tinalakay natin ang kahalagahan ng pagbibigay kahulugan sa mga pahayag sa pamamagitan ng pagsusuri batay sa tono, diin, haba at antala sa pagbigkas.

Ngayong alam mo na ang mahahalagang kaalamang ito, maaari ka ng tumungo sa susunod na bahagi ng ating modyul. Palalimin natin ang iyong kaalaman sa susunod na bahagi o pagtalakay.

## PAGPAPALALIM

Bilang panimula sa bahaging ito, ibig kong magkaroon ka ng pansariling pagtataya. Sa iyong palagay, sa tulong ng mga sinundang gawaing iyong isinagawa, masasabi mo bang kaya mo ng tatasin o bigyang kahulugan ang mga pahayag na iyong mababasa o maririnig?
Magagamit mo ba ang mga ito upang maging mabisa ang pag-unawa mo sa anumang mababasa o maririnig sa iyong lipunan upang lubos mong maunawaan ang kultura at pagkakakilanlan nito?

Bilang pagpapatuloy sa araling ito, nakabubuti munang balikan mo ang Konsepto ng Pagbabago na iyong nasimulan sa ilalim ng PAGTUKLAS. Alin sa mga naging sagot mo ang nangangailangan ng pagbabago? Ilahad mo rin ang mga dahilan kung bakit kinailangan mong palitan ang iyong mga naging sagot.

### GAWAIN 7. Kakayanin Na Ba Ng *Powers* Ko?

Mula sa iyong mga natutuhan, kaya mo na bang maisagawa ang mga kasanayan sa kahon? I-tsek (✓) mo nga sa kahon kung kakayanin na ng *powers* mong gawin o unawain ang mga sumusunod na kasanayan.

| Mga Kasanayan | Kayang-Kaya Na | Hindi Pa |
|---|---|---|
| Naipaliliwanag ang kahalagahan ng paggamit ng suprasegmental at di-berbal na palatandaan sa tekstong napakinggan. | | |

| | | |
|---|---|---|
| Nailalahad ang pangunahing ideya ng tekstong nagbabahagi ng bisang pandamdamin ng akda. | | |
| Naihahambing ang mga katangian ng tula/awiting panudyo, tugmang de gulong at bugtong o palaisipan. | | |
| Nasusuri ang nilalaman ng napanood na dokumentaryo kaugnay ng tinalakay na akda. | | |
| Nabibigkas nang may wastong ritmo ang ilang halimbawa ng akda. | | |
| Nasusuri ang akda batay sa itinakdang mga pamantayan. | | |
| Naiaangkop ang wastong intonasyon sa pagbigkas ng mga akda. | | |
| Nagagamit nang wasto ang mga primarya at sekundaryang pinagkukunan ng mga impormasyon. | | |

## GAWAIN 8. Palalimin At Unawain Pa!

Sagutin ang mga tanong.

1. Paano mo binigyang kahulugan ang mga tulang iyong binasa?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

2. Ano ang maaari mong gawin upang lubos mong maunawaan ang mensahe o kaisipang nais ipahiwatig ng mga tulang ito?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

3. Alam mo bang mayroong iba't ibang sangguniang makatutulong para sa pag-unawa sa mga ito? Punan mo nga ng maaaring pagkunan ng dalawang uri ng sanggunian.

| Primaryang Sanggunian | Sekondaryang Sanggunian |
|---|---|
| | |

4. Balikan mo ngayon ang ibinigay mong kahulugan ng mga tula sa mga nakaraang gawain at isagawa mo ang pag-unawa at pagpapakahulugan ng mga tulang gamit ang dalawang uri ng sanggunian. Ipadala mong muli sa *discussion board* ang nabago mong sagot sa iyong guro at tukuyin kung ano-ano ang mga nakatulong upang masagot mo nang mahusay ang mga ito.

| TULA | Primaryang Sanggunian | Sekondaryang Sanggunian |
|---|---|---|
| Tulang Panudyo | | |
| Tugmang de Gulong | | |
| Bugtong | | |
| Bakit mahalagang pag-aralan ang mga tulang ito sa kasalukuyan? Paano nakatutulong ang iba't ibang tulang iyong binasa sa pagkilala sa kultura at identidad ng iyong pook na kinabibilangan? | | |

## GAWAIN 9. Tanging Ina Nyong Lahat!

Panoorin sa *youtube* ang *link* na ito: http://www.youtube.com/watch?v=02ZUoKilByI na mapapanood ang ilang bahagi ng pelikulang pinamagatang *Tanging Ina Nyong Lahat* at sagutin ang mga tanong.

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano-ano ang mga kaisipang nakapukaw sa iyong kaisipan at damdamin na binigkas ng mga tauhan sa pelikulang iyong napanood?

| Mga Kaisipang Binigkas | Mensahe o Kahulugan |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

2. Paano nakatulong ang mga kasabihang binigkas ng mga tauhan upang mailarawan ang kultura ng isang lipunan?

____________________
____________________
____________________
____________________

3. Ano-ano ang nakatulong upang maging mabisa ang mga kaisipang binigkas ng mga tauhan?

____________________
____________________
____________________
____________________

4. Naging mabisa ba ang paggamit ng wika at ng pagbigkas ayon sa suprasegmental upang mailahad ang mensahe ng pelikula?

____________________
____________________
____________________
____________________

5. Paano inilantad ang kaugalian at kultura ng iyong pook na kinabibilangan ang *video* na iyong napanood?

____________________
____________________
____________________
____________________

6. Nakatulong ba ang *video* upang lubos mong makilala ang kultura at identidad ng Luzon? Patunayan.

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

**Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim**

Sa bahaging ito, tinalakay natin ang mga kaalaman hinggil sa iba't ibang mensahe at tulong na magagawa ng mga tula. Ano-anong bagong kaalaman ang iyong nakuha na maaari mong magamit sa pang-araw-araw na pamumuhay at ano ang nakatulong sa'yo upang matamo ang mga ito? Ngayong may malalim ka nang pag-unawa sa paksa, handa ka ng gawin ang isang proyektong may kinalaman sa paglalahad ng mga mensahe bilang paghahanda sa isang komprehensibong pagbabalita.

## PAGLILIPAT

Ito na nga ang huling bahagi ng aralin na talaga namang inilaan para higit pang mapayaman ang iyong kaalaman at mapagtibay ang anumang bagay na iyong natutuhan. Mga natutuhang magagamit mo sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Layunin ng bahaging ito na sukatin ang iyong natutuhan sa pamamagitan ng paglilipat ng kaalaman sa pagsasakatuparan ng proyekto tungkol sa isang masining na pagtatanghal. Isagawa mo ang inihandang gawain.

## GAWAIN 10. Pagsusuri ng Teksto

GAWIN MO ANG ***MINI TASK*** NA ITO!

1. Magsaliksik ng mga bugtong, tulang panudyo, kasabihan at mga tugmang de gulong na naglalarawan sa pagkakakilanlan o kultura ng Luzon. Suriin ang pagkakasulat ng mga piling teksto.
2. Isaalang-alang sa pagsusuri ang mga sumusunod:
   - estruktura at gamit ng wika
   - kaugnayan sa pook o lugar na pinagmulan
   - mga salitang nakaantig sa iyong kalooban at tumarok sa iyong kaisipan
3. Gamitin ang *worksheet* para sa mga kasagutan at basahin nang malakas upang mai-*post* sa *discussion board.*

Narito ang ilang patnubay na dapat mong isaalang-alang sa pagsusuri sa teksto:

1. Nilalaman o kabuluhan nito sa lipunan at sa buhay ng mga taga-Luzon
2. Paggamit ng wika
3. Organisasyon o estruktura
4. Siste, kawilihan o bisang pandamdamin
5. Paraan ng paglalahad ng teksto
6. Paggamit ng mga imahe o simbolo sa teksto upang maging mabisang mailarawan ang kultura o pagkakakilanlan ng Luzon

**Tseklist sa Pagsusuri**

Bilugan ang angkop na iskor batay sa narinig na malikhaing pagkukuwento.

4: Katangi-tangi
3: Mahusay
2: Nalilinang
1: May Kahinaan

| | Mga Pamantayan | Marka |
|---|---|---|
| Nilalaman | Mahusay na inilahad ang mga dapat isaalang-alang sa pagsusuri ng binasang teksto. | |
| Organisasyon | Mahusay na naisaayos ang mga kaisipan upang mailahad ang nabuong pagsusuri. Maayos ang daloy at hindi nawawala ang kawilihan at kasabikan sa bawat paglalahad ng mga kaisipan. | |
| Paggamit ng Wika | Angkop na ekspresyon ng mukha, kumpas ng kamay at pagkilos bilang pagbibigay- diin sa mahahalagang pangyayari. | |
| Bisa ng Pahayag sa Pagsasalita | Angkop ang pagbigkas ng mga salita, taginting ng tinig, tono at diin na makapagpapatibay sa bisa ng pagsasalita. | |
| Reaksyon ng Tagapakinig | Matamang nakikinig ang mga nanonood at interesadong-intresado sa paraan ng pagsasalita. | |
| | **Kabuan** | |

**Katapusang Bahagi ng Paglilipat**

Sa bahaging ito, naisagawa mo ang isang mabisang paraan ng pagsusuring pampanitikan. Ngayong alam mo na kung paano mo ilalarawan ang iyong isinagawang pagganap? Paano nakatulong ang gawain upang maunawaan mo ang iba't ibang uri ng teksto gamit ang mga akdang pampanitikang naglalantad ng mga kaisipang nagpapakilala sa kultura o pagkakakilanlan ng Luzon?

Ngayon handa ka nang ipagpatuloy ang pagsagot sa modyul na ito sa pamamagitan ng susunod na aralin.

## Aralin 2

**Panitikan:** Mito/ Alamat/ Kuwentong-bayan
**Wika:** Mga Salitang Hudyat ng Simula, Gitna at Wakas ng Akda

Matapos ang naunang aralin, halina't tuklasin ang mga bagong kaalaman at konseptong matututuhan sa panibagong aralin.

### GAWAIN 1. Ano ang Ending?

Ibigay ang pinakamabisang diyalogo bilang wakas ng salaysay.

1. *Isang lalaki ang mabilis na naglalakad , pinaluwang ang kurbata at nakangiting tumungo sa dakong silangan.*
2. *Dali-dali namang kinuha ng babae ang make-up kit, nagsuklay ito at kumaway sa papalapit na lalaki.*
3. *Kinuha ng lalaki ang pitaka sa kanyang bulsa at naglabas ng pera mula dito.*
4. *Ngumiti ang babaeng may hawak pang bulaklak at sinabing:*

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
__________________

Sagutin ang mga tanong.

1. Paano mo nabuo ang wakas ng salaysay?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2. Ano ang naging batayan mo upang mabuo ang wakas ng salaysay?
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3. Masasabi mo bang malinaw ang kuwento ng salaysay matapos mong mabigyan ng wakas? Bakit?
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

4. Maging masaya ka ba sa iyong ibinigay na wakas ng salaysay? Bakit?
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________


5. Ano ba ang dapat taglayin ng isang salaysay o kuwento?
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

6. Ano-ano pa ba ang mahalagang elementong dapat taglayin ng isang salaysay o kuwento?
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

7. Sa iyong palagay, paano kaya makatutulong ang mga salaysay o kuwento upang makilala ang kultura at identidad ng isang rehiyon?
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

## GAWAIN 2. Punan Ang Venn Diagram

Ang mga mito, alamat at kuwentong-bayan ay mga halimbawa ng salaysay o kuwento. Subukin mo ngang ibigay ang iyong kaalaman sa pagkakaiba at pagkakatulad ng mga ito.




Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang natatanging katangian ng bawat uri ng akda?

   Alamat________________________________________________
   Mitolohiya______________________________________________
   Kuwentong-bayan_______________________________________________

2. Ano naman ang pagkakatulad ng tatlong uri ng akdang ito? Mayroon din bang pagkakatulad ang dalawang uri na walang taglay na katangian ng isa pang uri ng akda?

   ________________________________________________
   ________________________________________________
   ________________________________________________
   ________________________________________________

3. Bakit mahalagang pag-aralan ang mga uri ng akdang ito sa kasalukuyan?

________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________

**TANDAAN**

Maituturing na mayaman sa panitikan ang Pilipinas. Ang ating panitikan ay nagkaroon ng malaking impluwesiya sa pag-unawa sa kultura at paniniwala ng ating lipunan. Masasalamin sa ating mga panitikan ang ating mga pangarap, paniniwala, gawi, kultura at tradisyon.

Tulad ng ating bansa, mayaman ang panitikang Luzon sa mga alamat, mitolohiya at kuwentong-bayan na nagpapakita ng mayaman nilang kultura at tradisyon.

Sa bahaging ito, inaasahang mas mauunawaan mo ang masining at mayamang kultura ng Luzon sa pamamagitan ng ilang akdang iyong babasahin. Sa araling ito, susubukan nating sagutin ang mga sumusunod na tanong: Bakit mahalagang maunawaan ang mga akdang pampanitikan ng isang rehiyon? Sa paanong paraan magiging mabisang maisasalaysay ang kultura ng isang rehiyon?

**Katapusang Bahagi ng Pagtuklas**

Nasubukan mo na bang magbigay kahulugan ayon sa tindi ng pagpapa-kahulugan? Mas palalawakin pa natin ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gawain na makikita sa mga susunod na bahagi ng modyul.

Ang matutuhan mo sa mga susunod na bahagi ay makatutulong sa iyong linawin ang mahahalagang detalye na magagamit mo sa pagbuo ng isang komprehesibong pagbabalita.

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Ang layunin sa bahaging ito ng modyul ay matutuhan at maunawaan ang iba't ibang kultura at pagkakakilanlan ng ilang rehiyon sa Luzon. Basahin at unawain ang mga sumusunod na akda. Sagutin mo ang sumusunod na mga tanong pagkatapos ng pagbasa.

### GAWAIN 3. Palawakin ang Talasalitaan

May ilang salita sa tatlong akdang babasahin ang kailangang maunawaan dahil sa tindi ng salitang ginamit sa pagpapahayag. Punan mo ang mga kahon upang mabuo ang intensidad ng pagpapakahulugan ng salita. Nakasalalay ang intensidad ng salita batay sa paggamit ng wika (karaniwan patungong malalim) o sa sitwasyon at emosyon. Gawing batayan ang pangungusap na ibinigay bilang halimbawa.

1. Labis ang paghanga ng maraming katutubo sa Mangkutom(pari) dahil sa kontribusyon ng mga ito sa buhay ng mga Igorot .

| | | | |
|---|---|---|---|
| **paghanga** | Pagmamahal | pag-ibig | Pagsinta |

   Paliwanag: Ang paghanga ang pinakamababa sa antas dahil sa pagiging huwaran nito sa kapwa. Higit na mas mataas ang antas na pagmamahal, may pagpapahalaga. Maaari mong ibigin ang ibang kasarian ngunit hindi maaaring sambahin dahil ang pagsamba ay tanging sa Diyos lamang, pinakamataas na antas ng mga salitang inisa-isa.

2. Gayon na lamang ang **pagsunggab** ng lalaki sa gintong ibinigay ng diwata sa kanya.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Paghawak | | | **Pagsunggab** |

3. Nayamot ang ate ni Balanga-atan sa kanya dahil sa hindi niya sinunod ang lahat ng kanyang utos.

| | | | |
|---|---|---|---|
| | **Nayamot** | Nagalit | |

4. **Itinaboy** ni Balanga-atan ang mga baboy-ramo sa daang patungo sa kanyang ate upang ubusin ang mga tanim na gabi.

| | | |
|---|---|---|
| **itinaboy** | Pinaalis | |

5. **Hindi maigiya ni** .ng isang kapitbahay ni Bal-lakay ang baboy patungo sa tamang direksyon.

| | | |
|---|---|---|
| **maigiya** | | |

6. Mabilis na **sumulong** ang dalawang nayon dahil sa pagkawala na ng digmaan at patuloy na katahimikang nararanasan.

| | | |
|---|---|---|
| Umantas | | **Sumulong** |

7. Ninais pang maging baboy-ramo si Balanga-atan kaysa patuloy ang **pagdurusa** sa piling ng kanyang kapatid.

| | | |
|---|---|---|
| | **pagdurusa** | |

8. Kapag **pasan** na ng matandang babae ang mga kahoy, isinisingit nang lihim ni Mariang Makiling sa bigkis ang pira-pirasong ginto, barya, pati mga alahas .

| | | |
|---|---|---|
| | | **Pasan** |

## GAWAIN 4. Alamin Mo ang mga Kuwento Ko!

Basahin ang tatlong akda at buuin ang sumusunod na gawain matapos itong mabasa. Isaalang-alang ang mga dapat isaalang-alang upang matagumpay ka sa pagbuo ng bawat gawain.

| Kuwentong Bayan ng Mt. Province | Alamat ng Laguna | Mitolohiya ng mga Kankanaey |
|---|---|---|
| Panuto: Dugtungan o punan ang mga patlang batay sa binasang kuwentong-bayan.<br><br>Unang Talata:<br>Nagsimula ang kuwento sa ________________ ____________________.<br>Ang pangunahing tauhan ay si__________.<br>Siya ay isang__________ ________. Ang pangalawang tauhan naman ay si_________.<br>Siya ay _____________.<br><br>Ikalawang Talata:<br>Ang naging suliranin sa kuwento ay __________ ___________. Hinarap ng pangunahing tauhan ang | Panuto: Isalaysay mo ang wastong pagkasunod-sunod ng mga pangyayari. Gawing gabay ang mga sumusunod:<br><br>1.Simula: Ipakilala ang pangunahing tauhan at tagpuan sa isang paraang gumagalaw<br><br>2. Paano nagkaroon ng problema o suliranin?<br><br>3. Paano hinarap ng mga tauhan ang naging suliranin?<br><br>4. Ano ang pinakamasidhing pangyayari o pinakamatinding tunggalian sa kuwento?<br><br>5. Paano nalutas ang kuwento? | Panuto: Ibuod ang binasang alamat ayon sa sariling pag-unawa. Maaring gawing batayan ang mga sumusunod:<br><br>1.Tungkol saan ang kuwento? Saan ito umiikot na sitwasyon o pangyayari?<br><br>2. Ano-ano ang mahahalagang kaisipang inilalantad ng kuwento?<br><br>3. Ano-ano naman ang mga kaisipang maiuugnay sa mga sitwasyon sa kasalukuyan lalo na sa pook na inilalarawan ng kuwento? |

| | | |
|---|---|---|
| suliranin sa pamamagitan ng ___________________ ___________________. Ang pinakamatinding pangyayari sa kuwento ay _________________. <br><br> Huling Talata: Nagwakas ang kuwento sa _________________ _________________. | 6. Ano ang naging kalutasan sa kuwento? | 4. Ano ang nabuo mong realisasyon o aral na natutuhan sa kuwento? Bakit? |



Basahin ang kuwentong-bayan ng Mt. Province.

**Teksto 1**

**Bal-lakay**

(*mula sa kuwento ni G. Leonardo dela Cruz Jr.)*

Noong unang panahon ay may isang lalaking nagngangalang Bal-lakay na nakatira sa Banao. Masagana ang kanyang buhay. Upang mapanatili ang kasaganaang ito, pinayuhan siya ng mga matatanda na magpista. Nagkatay sila ng baboy. Nang walang apdo ang baboy, pinayuhan sila ng *mangkutom* (pinakapari ng pamayanan) na lisanin ang kanyang pamilya para hindi siya mamatay kaya't pagkatapos ng ngilin (pahinga), umalis siya patungong Guinzadan. Sa Guinzadan ay muli siyang nag-asawa at nagkaroon ng limang anak. Nang napanaginipan niyang nasunog ang kanyang bahay at maisip na ito'y nangangahulugang kamatayan niya, pumunta siya sa pandayan at doon tumira. Nasunog nga ang kanyang bahay. Bumalik siya roon at nagtayo ng bagong bahay. Nagkautang siya sa pagsasagawa ng ritwal noong itinayo niya ang bahay kung kaya't nagnegosyo siya kasama ang kaibigang si Cal-libu. Yumaman siya at nakilala sa lipunan.

Noong namatay ang kanyang asawa, kinatay niya ang kanyang mga alagang baboy. Sa gabi ng libing, narinig niya ang boses ng asawa na nagsasabing "Bal-lakay, hindi ko maigiya ang mga baboy sa kanilang pupuntahan". Tahimik na tumungo si Bal-lakay sa kapitbahay at sinabi ito, "Halika at igiya mo ang mga baboy sa kanilang pupuntahan". Agad na siyang umalis. Sumunod ang kapitbahay at tinanong kung nasaan ang mga baboy. Nang hindi sumagot si Bal-lakay ay bumalik ito sa kanyang bahay. Hindi nagtagal ay namatay ang kapitbahay.

**Ang Alamat ng Laguna**

Si Maria Makiling ay isang dalaga, hindi tumatanda, nakatira sa magandang bundok Makiling sa pagitan ng probinsiya ng Laguna at Tayabas, subalit walang nakakaalam kung saan talaga. O kung paano siya namamahay. Sabi ng iba, nakatira siya sa isang magandang palasyo na napapaligiran ng mga hardin. Ang sabi naman ng iba, nakatira siya sa isang dukhang dampa na gawa sa karaniwang kawayan at mga dahon ng nipa.

Matangkad si Maria Makiling at mahinhin. Ang kutis niya ay makinis, at kayumangging kaligatan, sa bigkas ng mga Tagalog. Malaki at itim ang kanyang mga mata, mahaba at makapal ang buhok, at maliliit ang mga kamay at paa, at mala-kandila ang mga daliri. Sa madaling salita, siya ay maniwaring isang diwata, parang isinilang sa maputlang sinag ng buwan sa ibabaw ng Pilipinas, pasulpot-sulpot sa pagitan ng mga punong kahoy sa gubat ng Makiling. Ang diwa niya ang namamayani sa bundok subalit siya mismo ay bihirang makita ng mga tao.

Paminsan-minsan, natatanaw siya ng mga mangangahoy sa dilim ng Biyernes Santo, kapag namumundok sila upang humuli ng usa. Nakatayo raw si Maria Makiling sa gilid ng mataas na bangin, walang katinag-tinag habang umaalon ang kanyang buhok sa ihip ng hangin. Kung minsan daw, nilalapitan daw sila, binabati nang tahimik bago lumalayo at naglalaho sa dilim ng gubat. Walang naglalakas-loob na kumausap, sumunod o magmanman man lamang sa kanya.

Karaniwang lumalabas si Maria Makiling pagkaraan ng bagyo at lumiligid sa mga bukid, binubuhay muli ang mga nasirang halaman at itinatayo uli ang mga natumbang punong kahoy, at ibinabalik ang dating ayos ng lahat. Pati ang mga ilog ay bumabalik sa kanilang takdang landas at agos. At lahat ng sira mula sa bagyo ay naglalaho sa bawat madaanan niya.

Mabuti ang kalooban ni Maria Makiling. Dati-rati, pinahihiram niya ang mga mahirap ng damit, at pati alahas, para sa mga kasal, binyagan at pista. Tanging kapalit na hinihingi niya ay isang puting-puting dumalaga, batang inahen na hindi pa nangingitlog. Paminsan-minsan, lumilitaw siya sa anyo ng isang karaniwang taga-bukid at tinutulungan ang mga matatandang babae sa pagpulot ng mga panggatong. Pagkabigkis at pasan na ng matandang babae ang mga kahoy, isinisingit nang lihim ni Maria Makiling sa bigkis ang pira-pirasong ginto, barya, pati mga alahas.

Minsan, ayon sa kuwento, isang mangangahoy ang nakakita ng baboy -ramo. Kumaripas ang hayop sa mga sukal at tinik ng gubat habang walang tigil na humabol ang lalaki, na nagka-galos-galos sa mga tinik. Biglang-bigla, narating nila ang isang maliit na kubo. Takbo at nagtago ang baboy -damo sa loob. Natigilan ang lalaki, lalo na nang lumabas ang isang magandang dalaga.

"Sa akin iyong baboy- ramo," sabi ni Maria Makiling sa lalaki, "at hindi mo dapat hinabol. Subalit nakikita kong ikaw ay pagod na pagod, at sugatan. Pulos

dugo ang iyong mga bisig at binti. Halika sa loob, magpahinga ka at kumain. Gagaling ka, tapos maaari ka nang umuwi.”

Napukaw ang lalaki sa alindog ni Maria Makiling. Pumasok siya sa kubo at, walang imik, kinain lahat ng lugaw na hinain. Masarap at kaiba sa lahat ng natikman niya. Naramdaman niyang napawi ang kanyang hapo, gumaling ang kanyang mga sugat at bumalik ang kanyang lakas. Binigyan siya ni Maria Makiling ng ilang piraso ng luya.

“Ibigay mo ito sa iyong asawa,” sinabi niya sa lalaki na, utal pa rin na yumuko lamang bago umalis. Isinuksok ng lalaki ang mga luya sa loob ng kanyang salakot. Habang pauwi, pabigat nang pabigat ang mga luya kaya sinunggaban niya ang ilang piraso at itinapon. Kinabukasan, nagulat silang mag-asawa nang nakitang kumikinang ang ‘luya’ na naging lantay na ginto ang mga ito. Laking hinayang nila sa mga ‘luya’ na na itinapon pauwi.

Hindi laging mabait si Maria Makiling sa mga mangangahoy. Minsan, pinaparusahan niya ang mga ito.

Isang hapon, dalawang mangangahoy ang pauwi mula sa bundok, kasama ang kanilang mga aso at pasan-pasan ang nahuling usa at baboy- ramo. Nasalubong nila ang isang matandang babae na humingi ng limos. Hindi na binigyan, itinaboy pa nila ang matanda na nagbanta, “Isusumbong ko kayo sa may-ari niyang mga hayop!”

Humalakhak ang dalawang lalaki bago nagpatuloy pauwi. Nakababa na ang araw pagdating nila sa paanan ng bundok at, sa dilim, narinig nila ang sigaw mula sa malayo: “Nandoon sila!” Sinundan ito ng mas malayong sagot, “Doon sila! Doon!” Hindi naunawaan ng dalawang mangangahoy subalit tumaas ang tenga ng kanilang mga aso, umungol at tumabi sa kanila. Pagkaraan ng ilang saglit, narinig uli nila ang mga sigaw, mas malapit, mula sa gilid ng bundok. Umingit-ingit sa takot ang mga aso, ibinaba ang mga buntot sa pagitan ng mga paa, at kumaripas ng takbo. Tumakbo na rin ang dalawang mangangahoy, lalo na nang umalingawngaw uli ang mga sigaw, malapit na malapit na! Sindak sila sa bilis ng mga humahabol!

Umabot ang dalawang mangangahoy sa Sapang Bakal at sa takot, binitawan ang dalang usa at baboy-ramo at umakyat sa isang punong kahoy habang patuloy na tumakas ang mga aso. Sa isang kisap-mata, dumating ang mga humahabol - mga dambuhalang halimaw pala! Sinakmal ng mga ito at kinain ang usa at baboy-ramo. Ilang minuto lamang, nasaid at tumakbo uli ang mga halimaw pabalik sa bundok. Isa sa mga mangangahoy, mas matapang, ay bumaril sa mga halimaw subalit mintis!

Wala kahit isang nakatuklas sa mga magulang ni Maria Makiling, o kung mayroon siyang mga kapatid o ibang kamag-anak. Ang mga nilalang na tulad niya

ay maniwaring lumilitaw na lamang, tulad ng mga bato na tinatawag ng mga Tagalog na “mutya.”

Wala ring nakaalam ng tunay niyang pangalan, basta tinawag na lamang siya ng mga tao na “Maria” dahil karaniwang pangalan ito ng mga Pilipina, at “ng Makiling” dahil doon sa bundok na iyon siya laging nagpapakita. Hindi raw siya pumasok sa kabayanan kahit minsan, o sumali sa anumang pagdiriwang sa simbahan.

Hindi siya nagbago ng anyo. Ang lima o anim na anak-anakan ( generations) na nakakita sa kanya, laging sinasabi ay bata, maliksi at dalisay si Maria Makiling. Subalit ngayon, marami nang taon na hindi siya nakikita, kahit anino ay hindi na anin\aw sa Makiling, kahit na sa liwanag ng buwan. Ngayon, ang mga kasal at iba pang pagdiriwang ay hindi na nakikitaan ng mga alahas ni Maria, wala nang tumatanggap ng handog na yaman.

Naglaho na si Maria Makiling. Sabi ng iba, kasalanan daw ng mga tao sa kabayanan na ayaw magbayad ng puting dumalaga. Ni hindi raw ibinalik ang mga hiniram na alahas at mga damit.

Subalit sumbong ng iba, nagalit daw si Maria Makiling dahil tinatangkang agawin ng mga hasindero ng lupain sa bundukin.

**Mitolohiya ng mga Kankanaey**

(Saling-akda mula sa kompilasyon ni Delfin Tolentino)

Noong unang panahon, may isang batang lalaking nagngangalang Balanga-atan na may isang nakatatandang kapatid na babae na may isang anak na lalaki. Maaga silang naulila kung kaya’t kinailangan niyang pumisan sa kanyang kapatid. Walong taong gulang lamang siya.

Nang magsampung taon na siya, ipinagawa sa kanya ang lahat ng gawaing-bahay at iba pang trabaho. Inihiwalay siya sa isang kuwarto sa tuwing oras ng kainan at parang pagkaing para sa aso at baboy ang ibinibigay sa kanya.

Isang araw ay inutusan siya ng kanyang ate na magbayo ng bigas, alagaan ang kanyang anak at iba pang gawain. Nais ng mag-asawa na wala nang gagawin pagdating nila dahil na rin sa pagod sa pagtatrabaho. Ngunit nag-iwan siya ng gagawin ang mag-asawa pagdating nila dahil na rin sa kapagurang magtrabaho sa bahay habang nag-aalaga ng isang bata na hindi kakatwang magawa ng isang batang lalaking tulad ni Balanga-atan. Kinagabihan, nalaman ng mag-asawa na hindi pa pinakain ng bata ang mga baboy. Labis ang pagpalo sa kanya ng kanyang nayamot na ate na sukdulang mahiwalay ang kanyang balat. Pinalayas siya nang gabing iyon. Nakatulog si Balanga-atan na walang kamiseta sa isang bakanteng

kulungan ng baboy. Umiyak na ipinalangin ng niya na mas mabuti pang mamatay na siya kaysa patuloy ang kanyang paghihirap.

Kinaumagahan, napagpasiyahan ni Balanga-atan na pumunta sa gubat at hayaang makain ng mababangis na hayop. Gutom na gutom na siya nang makarating sa gubat. Humiga siya sa damuhan at sariwa pa sa kanyang salamisim ang masasamang trato sa kanya ng kanyang kapatid. Biglang may nagpakitang matandang babae at nagtanong kung bakit siya umiiyak. Sinabi ni Balanga-atan sa matanda ang kanyang naging karanasan at mas nanaisin pa raw niyang maging baboy-ramo kaysa patuloy siyang magdurusa. Mataman siyang tiningnan ng matanda at natunghayan ang kanyang pagiging inosente, mabait at kaawa-awang kalagayan.

Ang matandang ito ay diwata ng gubat. Tinawag niya agad ang mga baboy-ramo. Sa loob ng limang minuto ay dumating ang hari ng baboy-ramo at ang kanyang mga kasamahan. Pinatulog siya ng matanda at inutusan ang hari ng baboy-ramo na hubugin ang ulo at katawan ng bata sa isang katamtamang laki. Hinubog nga ng baboy-ramo ang ulo at katawan ng bata at sa mahiwagang boses ng diwata ay naging ganap na baboy-ramo ito. Ginising siya ng diwata. Tuwang-tuwa ang bata at nagpasalamat sa diwata. Sumama na siya sa kagaya niyang baboy-ramo hanggang hindi nagtagal ay hinirang siyang pinuno ng mga baboy-ramo. Iginiya niya ang mga ito sa daan papuntang bukid kung saan makahahanap ng maraming gabi na makakain. Hanggang sa natalunton ang bukid ng kanyang ate. Samantala, masaya pa rin ang kanyang ate. Inimbita niya ang kanyang mga kaibigan sa kanilang bahay at nagkaroon ng masayang piging samantalang nagsasaya naman ang mga baboy-ramo sa pagkain ng mga gabi sa kanilang malawak na bukirin.

## GAWAIN 5. Pagsusuri at Pagsasanay sa Pagbuo ng Isang Salaysay

Matapos mong mabuo ang banghay at buod ng ng akdang binasa, ano-ano ang kailangan upang maging mabisang maunawaan ang isang salaysay? Paano natin ipahahayag ang isang kuwento upang maging malinaw ang pagsusunod-sunod ng mga pangyayari?

Suriin natin ang halimbawa sa loob ng kahon.

| |
|---|
| Nag-umpisa ang aming laro sa madugong palitan ng kuro-kuro. Halos isang oras na nang matapos ang aming napagkaisahang tuntunin sa paglalaro. Maayos naman ang umpisa ng laro dahil sa nagpapakiramdaman pa ng estilo. Saka lamang nagkaroon ng mainitang palitan ng maaanghang na pananalita nang lumalamang na ng puntos ang isa. Nang bigla-bigla ay may kumatok sa pinto. Agad-agad namang binuksan ni ate ito. Tuloy, hindi na nito nakitang nandaraya pala si kuya dahil sa pagtatago ng piyesa. Kung |

kaya't nalamangan siya nito sa iskor na sampu. Sa huli, umayaw na lang ako sa laro dahil hindi na ako nasisiyahan sa ginagawa ni kuya.

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Anong magandang karanasan ang idinudulot ng pagsasalaysay?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2. Ano-anong detalye ang nabanggit nang sunod-sunod upang maisalaysay ang karanasan ng nagsasalita? Mabisa ba ang pagkakaayos ng mga pangyayari? Ipaliwanag.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3. Ano-anong mga salita ang ginamit upang ipahiwatig ang simula, susunod na pangyayari at wakas ng salaysay? Salungguhitan mo nga ang mga ito.

Nag-umpisa ang aming laro sa madugong palitan ng kuro-kuro. Halos isang oras na nang matapos ang aming napagkaisahang tuntunin sa paglalaro. Maayos naman ang umpisa ng laro dahil sa nagpapakiramdaman pa ng estilo. Saka lamang nagkaroon ng mainitang palitan ng maaanghang na pananalita nang lumalamang na ng puntos ang isa. Nang biga-bigla ay may kumatok sa pinto. Agad-agad namang binuksan ni ate ito. Tuloy, hindi na nito nakitang nandaraya pala si kuya dahil sa pagtatago ng piyesa. Kung kaya't nalamangan siya nito sa iskor na sampu. Sa huli, umayaw na lang ako sa laro dahil hindi na ako nasisiyahan sa ginagawa ni kuya.

**TANDAAN**

Ang mabisang salaysay ay gumagamit ng mga pahayag upang maging maayos at malinaw ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari. Gaya ng mga sumusunod:
Ingklitik: kaya, naman, din, tuloy, nga, na, rin/din
tingin Panghalip panunuran: una, ikalawa, panghuli
Panuring: agad-agad, bigla-bigla
Pang-ugnay: kung kaya't, saka, gayundin, higit sa lahat, samakatuwid

Sa huli, Sa ko,

Tandaan lamang na maging maayos ang mga detalye sa paraang kronolohikal. Magsimula sa komplikasyon o masalimuot na pangyayari hanggang sa pinakakasukdulan hanggang sa wakas. Gumamit ng malinaw na paglalarawan at kilos na konsistent ang panahunan upang madama at makita ng mambabasa ang iyong karanasan.

## GAWAIN 6. Pagsulat ng Talatang Nagsasalaysay

Pumili ng isang tagpuan upang isalaysay ang isang mabuti o masamang naging karanasan mo dito na dapat matutuhan ng isang Pilipino. Sumulat ng isang talatang nagsasalaysay gamit ang mga pahayag sa wastong pagsusunod-sunod. Lagyan din ng angkop na pamagat.

______________________________

Pamagat

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

## GAWAIN 7. Paghambingin Mo Nga!

Punan ang kahon ng mga impormasyon batay sa binasang mga kuwento upang maibigay mo ang mga elementong taglay ng mga ito.

| **Elemento/Katangian** | **Kuwentong-bayan ng Mt. Province** | **Alamat ng Laguna** | **Mitolohiya ng Ifugao** |
|---|---|---|---|
| 1.Paksa | | | |
| 2.Mga Tauhan | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 3.Tagpuan | | | |
| 4.Kaisipan o Aral | | | |
| 5.Heograpiya ng Pook na Inilarawan | | | |
| 6.Uri ng Pamumuhay ng Lugar | | | |

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Bakit mahalagang maunawaan ang mga elemento ng bawat akdang pampanitikan?
   ______________________________
   ______________________________
   ______________________________
   ______________________________

2. Ang mga tauhan, tagpuan at mga pangyayari ba sa kuwento ay may kaugnayan sa pook na inilalarawan? Magbigay ng patunay.
   ______________________________
   ______________________________
   ______________________________
   ______________________________

3. Bakit mahalagang pag-aralan ang mga akdang pampanitikan ng bawat rehiyon?
   ______________________________
   ______________________________
   ______________________________
   ______________________________

4. Ano-anong paniniwala, kultura, at identidad ng mga sumusunod na lahi ang inilalarawan o inilalantad sa mga salaysay na iyong nabasa?

   Mt. Province:
   ______________________________

______________________________________________
______________________________________________

Kankanaey:
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

MgaTagalog:
__________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

5. Alin sa mga ito ang lubos mong pinaniniwalaan? Bakit?
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

6. Paano nakatulong ang mga akdang iyong binasa upang makilala ang kultura o kaugalian at identidad ng isang pook gaya ng Luzon?
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

**Katapusang Bahagi ng Paglinang**

Sa bahaging ito, tinalakay natin ang iba't ibang akdang nagpapakilala sa ilang pook sa Luzon at ng mabisang paraan upang maisalaysay sa wastong pagkakasunod-sunod ang anumang karanasan.
Ngayong alam mo na ang mahahalagang kaalamang ito, maaari ka ng tumungo sa susunod na bahagi ng ating modyul. Palalimin natin ang iyong kaalaman sa susunod na bahagi o pagtalakay.

## PAGPAPALALIM

Ang iyong tunguhin sa bahaging ito ay masuri ang iba't ibang kaalaman na may kaugnayan sa paksang tinatalakay. Bilang isang Pilipino, paano mo kikilalanin ang kultura ng isang rehiyon? Ano-ano ba ang kahalagahan ng pagbabasa ng mga akdang pampanitikan sa pagkilala sa kultura at identidad ng isang pook o rehiyon? Uunawain at palalalimin pa ang iyong kaalaman sa pagsagot sa mahahalagang tanong na ito sa pamamagitan ng mga sumusunod na gawain.

### GAWAIN 8. Punan ang Venn Diagram

Basahin ang teksto upang matulungan ka tungo sa lubos mong pagkatuto sa mga kaalamang dapat maunawaan sa araling ito. Matapos mong mabasa ang teksto at ang mga natutuhan sa pag-aaral ng tatlong uri ng akdang binasa, maaari mo nang buuing muli ang *venn diagram* na pinagtangkaan mong buuin sa unang gawain ng araling ito. Ihambing mo kung ano-ano ang mga nabago mong konsepto tungkol sa aralin.

**Alam Mo Ba?**

Sa mga sinaunang tao hanggang 300 AD nagsimula ang ang mga mito, alamat at kuwentong-bayan. Sa mga kuwentong-bayan at alamat nakilala si Bernardo Carpio ng San Mateo, Rizal at si Maria Makiling ng Laguna. Nagsasalaysay naman ang mitolohiya ng kaayusan ng sanlibutan, simula ng buhay sa mundo at ng ugnayan ng mga tao sa kanilang mga diyos tulad ng pangalang Kabunian bilang diyos ng mga Ibaloi at Kankanaey, si Makanungan ng mga Ifugao, si Bathala ng mga Tagalog, at si Apo Malyari ng mga Aeta.

Ang mitolohiyang Pilipino at mga kuwentong- bayan ay kinabibilangan ng mga salaysay at pamahiin hinggil sa mga masalamangkang mga nilalang at nilikha ng mga Pilipino. Ito'y mga paniniwala na mula sa mga panahon bago dumating ang mga Espanyol at ipinakilala ang Kristyanismo. Hangang ngayon ang paniniwala sa mga diyus-diyusan sa mitolohiyang Pilipino at mga pamahiin ay buhay pa rin sa kulturang Pilipino lalo na sa mga probinsiya. Sa mitolohiyang Pilipino, si Bathala ang itinuturing bilang makapangyarihang diyos sa buong daigdig. Ang mitolohiyang Pilipino ay halo-halo dahil sa dami ng mga etnikong grupo at katutubo na may sari-saring paniniwala at diyos-diyusan. Ang mitolohiyang Pilipino ay binubuo ng mga diyos, mga hayop, mga mahiwagang nilalang at mga diwata.

Ang kuwentong-bayan ay mga salaysay hinggil sa mga likhang-isip na mga tauhan na kumakatawan sa mga uri ng mamamayan, katulad ng matandang hari, isang marunong na lalaki, o kaya sa isang hangal na babae. Karaniwang kaugnay ang kwentong-bayan ng isang tiyak na pook o rehiyon ng isang bansa o lupain. Ito ay isang anyo ng panitikan na pampalipas oras at kadalasa'y ikinukwento sa mga bata upang kapulutan ng aral. Ilan sa mga kadalasang paksa ay mga bagay na nakapaninindig-balahibo tulad ng tungkol sa mga aswang, maligno, kapre, mga sirena at nuno sa punso.

Noong unang panahon, maraming mga sinaunang Pilipino ay sumasamba sa kalikasan at mga hayop na tinatawag na paganismo at animismo. Ang mga paniniwala nila ay naimpluwensiyahan ng mga banyaga lalo na ang mga Indiyano, Malay at Indones at ibang mga Asyano na lumahok sa pangangalakal sa Pilipinas. Si Bathala ay may pagkakatulad sa diyos ng mga Indones na si *Batara Guru* at ng mga Indiyano na si *Shiva*, habang ang Indiyanong epiko na *Ramayana* at *Mahabharata* ay isinalin sa katutubong wika ng Pilipino at maraming salin ito sa iba't ibang relihiyon ng mga katutubong Pilipino. Ang mga impluwensiya na ito ay idinala ng mga nangangalakal mula sa karatig na mga bansa noong nabuhay pa ang Indiyanong kaharian sa Taylandiya, Malaysia at Indonesia. Ang mga diyos sa mitolohiyang Tagalog ay bahagyang dahan-dahang nawala sa pagdating ng mga Espanyol at ipinakilala ang Kristyanismo. Ang mga Espanyol ay naging agresibo sa kanilang kampanya laban sa mga katutubong relihiyon na naging resulta sa diskriminasyon sa mga hindi Kristiyano. Inutos ng Simbahang Katoliko na sunugin at itapon ang mga anito ng mga Pilipino. Lahat na mahuhuling sumasamba sa mga anito ay susunugin o kaya’y paparusahan.

Ilan sa mga sumusunod ay mga katawagang ginagamit sa Diyos o Panginoon.*Bathala* ang pinakamakapangyarihang Diyos sa lahat ng mga diyos, siya rin ay kilala bilang *Maykapal* .*Lakampati* ang diyosa ng pagkamayabong. Pati ang diyos ng ulan. *Lakambakod* ang diyos ng mga palay at ang paghilom ng mga sugat. *Apolaki* siya ang pinapaniwalaan na siya ang diyos ng digmaan, paglalakbay at pangangalakal. *Malyari* ang diyosa ng buwan. *Lakambini* ang diyosa ng pagkain.*Lingga* ang diyos ng paghilom ng sugat at pagkamayabong. *Mangkukutod* ang diyos ng isang partikular na grupo ng mga Tagalog. *Anitong* ang diyos ng ulan at hangin. *Agawe* ang diyos nang tubig. *Hayo* ang diyos ng dagat. *Idionale* ang diyos ng pagsasaka.

Ilan naman sa mga mahiwagang nilalang na pinaniniwalaan ng mga Tagalog ay ang mga sumusunod: Ang aswang na isang diyos pero pinapaniwalaang taong kumakain ng kapwa tao. Pinaniniwalaan ding may mga pakpak at gising kung gabi para maghanap ng mabibiktima lalo na sa mga sanggol at mga buntis.


Ang duwende na pinapaniwalaan bilang isang maliit na tao na may mga mahiwagang kapangyarihan. Ang kapre naman ay isang uri ng halimaw na napakalaki at napakamabalahibo at pinaniniwalaang mahilig sa tabako.

May maligno na nakatatakot ang anyo ng isang nilalang na may kapangyarihang hindi nakikita ng tao at bigla-bigla na lamang nagpapakita at sanhi ng pagkakasakit ng sinumang nakakakita nito. May tikbalang na kalahating kabayo at kalahating tao. May tiyanak na isang sanggol na nagiging halimaw tuwing sasapit ang gabi at lalong mabangis tuwing kabilugan ng buwan.

Ikaw,naniniwala ka rin ba?

## GAWAIN 9. Paggamit ng Venn Diagram

Punan ng angkop na impormasyon ang *venn diagram*.



Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang nabago mong kaisipan sa pagkakatulad ng tatlong uri ng akda?
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2. Ano naman ang nabago mong kaisipan sa pagkakaiba ng tatlong uri ng akda?
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3. Sa pangkalahatan, bakit mahalagang pag-aralan ang mga akdang pampanitikan ng bawat rehiyon?
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

4. Paano mo mapatutunayang ang mga kaugalian o kultura at identidad ng mga Kankanaey, Ifugao at mga Tagalog ay totoong masasalamin sa mga salaysay na iyong nabasa?
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

## GAWAIN 10. Kulturang Luzon, Kilalanin Mo!

Upang higit mong maunawaan kung ang mga paniniwala mo ay totoo o hindi mula sa mga akdang iyong binasa, magsagawa ng pananaliksik sa *internet* ng iba't ibang kultura o kaugaliang magpapakilala sa bawat rehiyon sa Luzon. Maaaring magbasa pa ng iba pang mga alamat, mitolohiya at kuwentong-bayang naglalarawan sa kultura ng rehiyong tinutukoy. Ilahad ito sa loob ng kahon.

| **Rehiyon** | **Pamagat ng Akda o Sangguniang Elektroniko** | **Kultura o Kaugaliang Inilalarawan** |
|---|---|---|
| Ilokano | | |
| Tagalog | | |
| Bikolano | | |
| Kordilyera | | |
| Pangasinense | | |
| Kapampangan | | |
| Paano mo lubos na nakilala ang kultura at identidad ng Luzon? Sumulat ng isang talata tungkol sa iyong sagot. | | |

**Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim**

Ito na nga ang huling bahagi ng aralin na talaga namang inilaan para higit pang mapayaman ang iyong kaalaman at mapagtibay ang anumang bagay na iyong natutuhan. Mga natutuhang magagamit mo sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Layunin ng bahaging ito na sukatin ang iyong natutuhan sa pamamagitan ng paglilipat ng kaalaman sa pagsasakatuparan ng proyekto tungkol sa isang masining na pagtatanghal. Sa ngayon upang maihanda ka sa iyong inaasahang pagganap tungkol sa komprehensibong pagbabalita, gawin mo muna ang mga pantulong na gawaing ito.

## PAGLILIPAT

Ang iyong tunguhin sa bahaging ito ay mailipat ang iyong mga natutuhan sa mga totoong sitwasyon. Bibigyan ka ng mga gawaing makatutulong sa iyo upang maipakita moa ng iyong malalim na pang-unawa.

### LUGAR KO, MAHAL KO!

**Pagsulat ng Balangkas at Buod ng mga Pangyayaring Nasaliksik**

1. Magsaliksik ng mahahalagang datos tungkol sa inyong pook. Maaaring makipanayam sa mga matatanda sa komunidad at iba pang institusyon o organisasyon sa barangay upang makalikom ng anumang kaalamang may kaugnayan sa kultura, identidad at kasaysayan nito. Siguruhing kunin o kilalanin ang pinagkunan ng mga impormasyon.

2. Gumawa ng balangkas at buod sa nalikom na datos.

3. Isaalang-alang mo sa iyong balangkas at buod ang wastong paraan ng pagsulat na naging gabay mo sa isinagawang pagsusuri sa teksto.

4. Gamitin ang *worksheet* na nakalaan para sa balangkas at buod.

**Tseklist sa Balangkas at Buod ng Isinagawang Pananaliksik**

3=Nailahad/ naisaalang-alang nang higit sa inaasahan
2=Nailahad/ naisaalang-alang ang inaasahan
1=Hindi naisaalang-alang o nailahad

| Pamantayan | 1 | 2 | 3 |
|---|---|---|---|
| Nakapaglahad ng iba't ibang impormasyon tungkol sa uri ng pamumuhay, kaugalian, natatanging kasaysayan at heograpiya sa pook na kinabibilangan. | | | |
| Napagsunod-sunod o naisaayos ang mga impormasyon sa wasto o mabisang paraan. | | | |
| Gumamit ng mabisang wika upang mailahad ang mga impormasyon. | | | |
| Nagsagawa ng mabisang paraan ng pananaliksik upang mapagtibay ang mga impormasyong inilahad. | | | |

**Katapusang Bahagi ng Paglilipat**

Sa bahaging ito ng modyul, paglalahad ng iba't ibang uri ng pamumuhay, kaugalian, natatanging kasaysayan at heograpiya sa pook na kinabibilangan ang iyong ginawa. Ano ang iyong masasabi sa nasabing gawain? Paano nakatulong ang gawain sa paglilipat upang makilala mo nang lubos ang iyong pook na kinabibilangan?

## Aralin 3

**Panitikan:** Sanaysay
**Wika:** Mga Pahayag sa Paghihinuha ng Pangyayari

### PAGTUKLAS

Lahat tayo ay may kanya-kanyang kaisipan, opinyon, at saloobin tungkol sa anumang usapin o pangyayaring ating naririnig, nababasa, nararanasan o natutunghayan sa lipunan. Ang mga kaisipang at saloobing ito ay maaaring nakatutulong sa atin upang mag-isip at kumilos nang wasto. Simulan natin ang modyul na ito na tuklasin ang ating mga kaalaman o kaisipan tungkol sa mga sumusunod na gawain.

### GAWAIN 1. Sa Palagay Ko

Ibigay ang iyong sariling palagay sa maaaring mangyari sa mga sumusunod na diyalogo o usapan.

| Pangyayari | Palagay Ko sa Nangyari | Palagay Ko sa Mangyayari Pa |
|---|---|---|
| Hay naku, fren, nakita kong tinawag ng punungguro si Carlo sa kabilang seksyon dahil nasa opisina ang kanyang nanay na umiiyak. | | |
| Nakagugulat ka naman, Bing. Bakit bigla-biglang nagbabago ka na? Kung hindi ka magulo o maingay, mababa ang mga iskor mo sa pagsusulit. | | |
| Mang Ambo, Mang Ambo, bilisan nyo po! May tumaob na dyip sa Kennon Road. Hindi ba naglayas ang anak nyo at sumakay sa dyip papuntang Camp 1? | | |

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Tungkol saan ang pinapaksa ng mga usapan?

2. Ano ang naging batayan mo sa pagbibigay ng palagay sa nangyari at mangyayari pa?

3. Bakit nangyari ang ganitong mga sitwasyon?


4. Paano natin masisigurong totoo o hindi ang ating mga palagay?

**TANDAAN**

Ang pagbibigay ng wastong hinuha ayon sa pangyayari o sitwasyon ay nakatutulong sa pag-unawa sa mga nangyayari sa lipunan. Ginagamit itong batayan sa pagbuo ng kongklusyon lalo na ang iba't ibang naririnig na usapan. May mga naririnig tayong usapan o napapanood tayo sa telebisyon na nakatutulong upang mailarawan ang isang pangyayari kahit hindi natin nasaksihan. Nakapangangalap ka ng mga impormasyon sa mga hinuha na naririnig na maaaring totoo o hindi.

## GAWAIN 2. Mapa ng Konsepto

Sagutin ang *concept map* tungkol sa kung paano mapatotohanan ang isang hinuha.




Sagutin mo ang mga tanong.

1. Bakit mahalaga ang hinuha ng isang tao?

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

2. Paano tayo dapat magbigay ng reaksyon sa anumang hinuhang ating naririnig?

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

3. Naniniwala ba tayo kaagad sa mga naririnig natin sa iba?

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

4. Ano-ano ang tinitingnan natin upang tayo'y mapaniwala agad?

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

5. Bakit mahalagang dapat malaman ang mga nangyayari sa ating lipunan lalo na sa ating pook o rehiyong kinabibilangan?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

6. Paano makatutulong ang mga hinuha sa pagkilala sa isang pook? At paano natin mapatotohanan ang mga hinuha natin tungkol sa kultura at identidad ng isang pook o rehiyon?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

**Katapusang Bahagi ng Pagtuklas**

Nasubukan mo ng magbigay hinuha sa mga pahayag o sitwasyon at kung paano mapatotohanan kung totoo ang hinuha o hindi. Ngayon mas palalawakin pa natin ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gawaing makikita sa mga susunod na bahagi.

Ang matutuhan mo sa mga susunod na bahagi ay makatutulong sa iyong linawin ang mahahalagang detalye na magagamit mo sa pagbuo ng isang komprehensibong pagbabalita.

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Ang iyong layunin sa bahaging ito ng modyul ay matutuhan at maunawaan mo ang mga malalalim na pahayag na nakapaloob sa isang sanaysay na iyong babasahin.

## GAWAIN 3. Paghawan ng Sagabal

Ibigay ang kahulugan ng salitang ginamit sa mga sumusunod na usapan o pahayag. Isulat sa patlang ang titik ng wastong sagot.

| Pahayag | Kahulugan |
|---|---|
| 1. Dumulog tayo sa Poong Maykapal sa lahat ng panahon. | a. Naniwala |
| 2. Marami tayong himutok sa lipunang kailangang ipahayag. | b. Pagtutol |
| 3. Maraming namamatay sa kadayukdukan dahil na rin sa labis na katamaran. | c. Kagutuman |
| 4. Kailangan nating tutulan ang anumang ginagawang pang-aalipusta ng sinuman. | d. Paghamak |
| 5. Madaling nalamuyot ang ilan minsan sa matatamis na salita ng dayuhan. | e. Lumapit |

## GAWAIN 4. Anong Sabi Ni Ka Andres?

Basahin at unawain ang sanaysay ni Andres Bonifacio tungkol sa mga Tagalog. Isulat sa kahon ang tungkol sa mga naging hinuha niya sa mga pangyayari sa kasaysayan at iugnay ang katotohanan sa kasalukuyan.

| Mga Pangyayari o Karanasan ng mga Tagalog Hango sa Sanaysay | Mga Kaisipan ni Ka Andres Bilang Tugon sa mga Karanasan ng mga Tagalog | Mga Pangyayari sa Kasalukuyang Nagpatotoo o Gawin Mula sa mga Kaisipan ni Ka Andres |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |

| | | |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |



Basahin ang **Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog** ni Andres Bonifacio.

**Pagbasa 1**

## Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog

ni Andres Bonifacio

Itong Katagalugan, na pinamamahalaan nang unang panahon ng ating tunay na mga kababayan niyaong hindi pa tumutulong sa mga lupaing ito ang mga Kastila, ay nabubuhay sa lubos na kasaganaan, at kaginhawaaan. Kasundo niya ang mga kapit-bayan at lalong-lalo na ang mga taga-Japon, sila'y kabilihan at kapalitan ng mga kalakal, malabis ang pagyabong ng lahat ng pinagkakakitaan, kaya't dahil dito'y mayaman ang kaasalan ng lahat, bata't matanda at sampung mga babae ay marunong bumasa at sumulat ng talagang pagsulat nating mga Tagalog. Dumating ang mga Kastila at dumulog na nakipagkaibigan. Sa mabuti nilang hikayat na diumano, tayo'y aakayin sa lalong kagalingan at lalong imumulat ang ating kaisipan, ang nasabing nagsisipamahala ay nangyaring nalamuyot sa tamis ng kanilang dila sa paghibo. Gayon man sila'y ipinailalim sa talagang kaugaliang pinagkayarian sa pamamagitan ng isang panunumpa na kumuha ng kaunting dugo sa kani-kanilang mga ugat, at yao'y inihalo't ininom nila kapwa tanda ng tunay at lubos na pagtatapat na di magtataksil sa pinagkayarian. Ito'y siyang tinatawag na "Pacto de Sangre" ni haring Sikatuna at ni Legaspi na pinakakatawan ng hari sa España.

Buhat nang ito'y mangyari ay bumibilang na ngayon sa tatlong daang taon mahigit na ang lahi ni Legaspi ay ating binubuhay sa lubos na kasaganaan, ating pinagtatamasa at binubusog, kahit abutin natin ang kasalatan at kadayukdukan; iginugugol natin ang yaman, dugo at sampu ng tunay na mga kababayan na aayaw pumayag na sa kanila'y pasakop, at gayon din naman nakipagbaka tayo sa mga Insik at taga-Holandang nagbalang umagaw sa kanila nitong Katagalugan.

Ngayon sa lahat ng ito'y ano ang sa mga ginawa nating paggugugol ang nakikitang kaginhawahang ibinigay sa ating Bayan? Ano ang nakikita nating pagtupad sa kanilang kapangakuan na siyang naging dahil ng ating paggugugol! Wala kundi pawang kataksilan ang ganti sa ating mga pagpapala at mga pagtupad sa kanilang ipinangakong tayo'y lalong gigisingin sa kagalingan ay bagkus tayong binulag, inihawa tayo sa kanilang hamak na asal, pinilt na sinira ang mahal at magandang ugali ng ating Bayan; iminulat tayo sa isang maling pagsampalataya at isinadlak sa lubak ng kasamaan ang kapurihan ng ating Bayan; at kung tayo'y mangahas humingi ng kahit gabahid na lingap, ang nagiging kasagutan ay ang tayo'y itapon at ilayo sa piling ng ating minamahal ng anak, asawa at matandang magulang. Ang bawat isang himutok na pumulas sa ating dibdib ay itinuturing na isang malaking pagkakasala at karakarakang nilalapatan ng sa hayop na kabangisan.

Ngayon wala nang maituturing na kapanatagan sa ating pamayanan; ngayon lagi nang ginagambala ang ating katahimikan ng umaalingawngaw na daing at pananambitan, buntong-hininga at hinagpis ng makapal na ulila, balo't mga magulang ng mga kababayang ipinanganyaya ng mga manlulupig na Kastila; ngayon tayo'y nalulunod na sa nagbabahang luha ng Ina sa nakitil na buhay ng anak, sa pananangis ng sanggol na pinangulila ng kalupitan na ang bawat patak ay katulad ng isang kumukulong tinga, na sumasalang sa mahapding sugat ng ating pusong nagdaramdam; ngayon lalo't lalo tayong nabibiliran ng tanikalang nakalalait sa bawat lalaking may iniingatang kapurihan. Ano ang nararapat nating gawin? Ang araw ng katuwiran na sumisikat sa Silanganan ay malinaw na itinuturo sa ating mga matang malaong nabulagan, ang landas na dapat nating tunguhin, ang liwanag niya'y tanaw sa ating mga mata, ang kukong nag-akma ng kamatayang alay sa atin ng mga ganid na asal. Itinuturo ng katuwiran, na wala tayong iba pang maaantay kundi lalo't lalong kaalipinan. Itinuturo ng katuwiran, lalo't lalong kaalipustaan at lalo't lalong kaalipinan. Itinuturo ng katuwiran, na huwag nating sayangin ang panahon sa pag-asa sa ipinangakong kaginhawahan na hindi darating at hindi mangyayari. Itinuturo ng katuwiran ang tayo'y umasa sa atin at huwag antayin sa iba ang ating kabuhayan. Itinuturo na katuwiran ang tayo'y magkaisang-loob, magkaisang isip at akala at nang tayo'y magkaisa na maihanap ng lunas ang naghaharing kasamaan sa ating Bayan.

Panahon na ngayong dapat na lumitaw ang liwanag ng katotohanan; panahon nang dapat nating ipakilala na tayo'y may sariling pagdaramdam, may puri, may hiya at pagdadamayan. Ngayon panahon nang dapat simulan ang pagsisiwalat ng mga mahal at dakilang ani na magwawasak sa masinsing tabing na bumubulag sa ating kaisipan; panahon na ngayong dapat makilala ng mga Tagalog ang pinagbuhatan ng kanilang mga kahirapan. Araw na itong dapat kilalanin na sa bawat isang hakbang natin ay tumutuntong tayo at nabibingit sa malalim na hukay ng kamatayan na sa ati'y inuumang ng mga kaaway.

Kaya, O mga kababayan, ating idila ang bulag na kaisipan at kusang igugol sa kagalingan ang ating lakas sa tunay at lubos na pag-asa na magtagumpay sa nilalayong kaginhawahan ng bayang tinubuan.

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Paano inilarawan ni Bonifacio ang naging kalagayan ng mga Tagalog noong panahon ng mga Kastila?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

2. Paano namuhay ang mga Tagalog sa panahon ng mga Kastila?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

3. Sa mga Tagalog lamang ba ipinupukol ang termino? Ipaliwanag ang sagot.
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

4. Ano-ano ang mga katangian o pag-uugali ng mga dayuhang ayon kay Bonifacio ay namana raw ng mga Pilipino na dapat baguhin?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

5. Ano-ano naman ang mga kaugalian ng mga Pilipino bago dumating ang mga Kastila na dapat nating maisabuhay muli?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

6. Sumasang-ayon ka ba sa mga hamon at panawagan ni Andres Bonifacio? Angkop pa rin ba ang mga ito sa kasalukuyan? Pangatwiranan.
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

Upang magkaroon ka ng sapat na kahandaan sa paglalahad ng iyong mga pananaw at saloobin sa mabisang paraan, higit na makabubuti sa iyong unawain kung paano magiging mabisang mailalahad ang mga kaisipan gaya ng binasang sanaysay ni Andres Bonifacio.

**TANDAAN**

## Ang Mabisang Pagtatalata

Ang mabisang talata ay pagpapalawak ng isang diwa ng anumang paksa. Binubuo ng pangunahing pangungusap at ang pantulong na mga pangungusap ang isang talata. Maaaring maglarawan ng isang bago at *imported* na sasakyan o magpaliwanag sa isang batas-trapiko. Maaari ring mangatwiran o magsalaysay ng isang bahagi ng kuwento. Ngunit lahat ng mga pangungusap ay may pare-parehong layunin—ang pagpapalawak ng paksang-diwa.

Tunghayan ang halimbawa:

1. Ang pahingahan ng mga Pilipino sa baryo ay kahali-halina sa mga dayuhan. Hindi kailangan ng *aircon* para makapagpahinga. Presko kasing pumapasok ang hangin dala ng maluluwang na bintana at gawa sa pawid ang bubong at kawayan ang dingding. Masarap ding mahiga sa duyan habang sumasabay sa hampas ng hangin.

   Sagot: Ang panunahing pangungusap sa talata ay matatagpuan sa unang pangungusap. Binibigyang-diin sa talata kung bakit kahali-halina sa mga dayuhan ang pahingahan ng mga Pilipino sa baryo. Sinuportahan naman nito ng mga pantulong na detalye sa mga sumunod na mga pangungusap.

Basahin mo naman ang dalawang talata at sagutin ang mga tanong.

2. Maraming tupa ang nagkalat sa paligid. Ang buong kapaligiran ay isang magandang lugar para sa mga mangangaso at mangingisda. May mga oso, karaniwang leong gubat, at mga bayawak. Sa silanga'y may isang lawa na sagana sa salmon, may mga pato, pabo, aboyo at ilang mga pugong namumugad sa iba't ibang damong ligaw.

3. Ang mga nawala at nagastos ay mababa ngunit ang mga naipon nama'y mataas. Bawat manggagawa kasi ay mahuhusay at ang merkado ay matatag. Ang lahat sa taong ito ay itinuturing na pinakamaganda sa kasaysayan ng kompanya.

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Matapos mong mapag-aralan ang unang talata, ano naman ang pangunahing pangungusap sa dalawang talatang iyong nabasa?


   Talata 2:__________________________________________
   Talata 3: __________________________________________

3. Saang bahagi mo natagpuan ang pangunahing pangungusap? Ano ngayon ang mabubuo mong kongklusyon sa pagbuo ng isang talata?

   ____________________________________________________
   ____________________________________________________
   ____________________________________________________

## GAWAIN 5. Ang Sabi Ko Naman

Ano naman ang iyong masasabi matapos mong mabasa ang mga kaisipan ni Andres Bonifacio? Ibuod ang iyong natutuhan sa kabuuang nilalaman ng sanaysay na binasa sa pamamagitan ng pagsunod sa grapikong pantulong. Tukuyin ang punong kaisipan at ang mga pantulong na kaisipang magpapalawak sa punong kaisipan. Bumuo naman ng kongklusyon sa dulo ng talata.




**ISUMITE**

## GAWAIN 6. Paghinuha sa Teksto

Suriin ang usapan at sagutin ang mga tanong.

| | |
|---|---|
| Aling Precious: | Kumare, halika! Alam mo bang may natagpuang mama sa kalsada, duguan! |
| Ka Juliana: | Naku, sino ba ang mamang 'yan mare? Ano ba ang nagyari? |
| Aling Precious: | Hindi ko alam. |
| Ka Juliana: | Teka, tena at alamin natin. |

Ilang nakalap na pahayag tungkol sa nangyari:

1. Si Kolokoy raw, asawa ni Karlang taba! Ayon sa kay Karla, e, kagagaling lang naman daw niya sa itaas ng bundok ngunit matapos ang ilang oras ay natagpuan na lamang sa kalsada sa may malapit sa burol.
2. Baka naman hinoldap!
3. Bago pa man daw siya umalis ay alam na niyang wala siyang dalang pera maliban sa malaking bag na nasa kanyang likuran pa rin.
4. Halos hindi na yata makilala sa tindi ng dugong bumalot sa katawan kaya nagkaroon ng problema kung paano matutukoy ang sanhi ng kanyang pagkamatay ayon sa ulat ng mga pulis.
5. Mahilig kasi siyang mag-*parachute* sa matataas na bundok. Pati nga sa mga gusali, wala siyang katakot-takot.
6. Kung gayon, hindi bumukas ang *parachute*.

Sagutin ang mga tanong.

1. Paano nakatulong ang mga hinuha upang makabuo ng kongklusyon?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2. Ano-ano ang mga pahayag na nakatutulong upang masuri kung ang mga hinuha ay totoo o hindi?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3. Ano-ano pa ang maaaring magawa natin para malaman kung totoo o hindi ang mga pangyayaring ating narinig?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

**TANDAAN**

Ang mga sumusunod na pananalita ay nakatutulong sa pagsusuri ng mga hinuha kung ang mga ito ay totoo o hindi.

Mga Pangatnig na sapagkat, palibhasa, dahil, kaya, sana, subalit, pati, kung, kapag, nang, maging at kung gayon
Bago pa man siya umalis…
Kapag hindi sana siya…
Dahil sinuway niya ang…
Kaya nagkaroon ng problema…

Mga Pang-ukol na ayon kay, para kay, ayon sa, para sa, ukol kay, ukol sa, tungkol kay, alinsunod kay, hinggil sa, at laban kay/sa
Alinsunod kay Dr. Garcia, dapat tuparin ang…
Ayon sa ulat ng pulisya,…

## GAWAIN 7. Talatang Nagbibigay-hinuha

Sumulat ng talatang nagbibigay-hinuha sa sumusunod na mga sitwasyon.

A. Sa isang seminar na dinaluhan ng halos sandaang mga nanay at may dala pang anak ang iba, nag-iingay na ang nakararami dahil lampas na ng 12 ng tanghali ngunit wala pa ang pagkain.

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

B. Katapusan na ngunit wala pang pambayad sa upa ang tatlong estudyanteng nangangasera sa paupahang bahay ni Aling Lagring. Kailangang-kailangan niya ng pera. Walang-wala rin talagang maibigay ang tatlo sa kanya.

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano-ano ang nakatulong sa iyo upang makabuo ng malinaw na solusyon batay sa mga sitwasyon?
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

2. Kung sakaling makaranas ka ng ganoon ding mga sitwasyon sa buhay, paano makatutulong ang mga hinuha upang matugunan mo nang matagumpay ito?
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

3. Ano-anong kaugalian o kulturang Pilipino ang dapat laging nangingibabaw sa tuwing masusuong tayo sa mga sitwasyong gaya ng iyong tinugunan sa gawaing ito?
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

**Katapusang Bahagi ng Paglinang**

Tinalakay sa bahaging ito ang mga pinagdaanang karanasan ng mga Tagalog at ang mga kaisipan at hamon ni Andres Bonifacio upangmasuri natin ang mga dapat at hindi dapat na maisabuhay na mga kaugalian sa kasalukuyan. Natutuhan mo rin kung paano palawakin ang iyong kaisipan sa pamamagitan ng pagbuo ng isang talata gayundin ang pagbuo ng hinuha mula sa mga narinig at kung paano ito mapatotohanan.

Ngayong alam mo na ang kaalamang ito,  maaari ka ng tumungo sa susunod na bahagi ng modyul upang mapalalim ang iyong pag-unawa.

## PAGPAPALALIM


Bilang panimula sa bahaging ito, ibig kong magkaroon ka ng pansariling pagtataya. Sa iyong palagay, sa tulong ng mga sinundanggawaing iyong isinagawa, masasabi mo bang kaya mo ng tatasin ang hindi tuwirang naibigay na kahulugan mula sa nabasa o narinig?

Magagamit mo ba ang mga mensaheng ito upang maunawaan ang buhay at kasaysayan ng iyong lipunan?

Bilang pagpapatuloy sa araling ito, nakabubuting balikan mo uli ang Konsepto ng Pagbabago na iyong nasimulan sa ilalim ng PAGTUKLAS. Alin sa mga naging sagot mo ang nangangailangan ng pagbabago? Ilahad mo rin ang mga dahilan kung bakit kinakailangan mong palitan ang iyong mga naging sagot.

### GAWAIN 8. Mapa ng Konsepto

Muli mong buuin ang mapa ng konsepto mula sa iyong bagong mga natutuhan sa bahaging ito ng aralin.



Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano-ano ang mga nabago mong konsepto mula sa iyong sagot sa unang bahagi ng aralin?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2. Bakit ang mga ito ang iyong nabuong konsepto? Ipaliwanag.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3. Bakit mahalagang pag-aralan ang mga akdang pampanitikan gaya ng sanaysay niAndres Bonifacio?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

## GAWAIN 9. Ang Paborito Kong Teleserye

Sinasabing ang panitikan ay salamin ng lipunan. Masasalamin din sa mga palabas sa telebisyon bilang isang uri ng panitikan ang identidad, kasaysayan at kultura ng isang lipunan. Sa puntong ito muli mong patutunayan ang ganitong kaisipan sa pamamagitan ng panonood ng paborito mong teleseryeng Pilipino at suriin kung paano inilalantad ng mga teleseryeng ito ang kultura at identidad ng Luzon at ng pook na iyong kinabibilangan. Pumili ng iyong naibigang teleserye (maaari mong balikan ang ilang eksena *sa internet*) o manood ng isang teleseryeng palabas pa rin ngayon at sagutin mo ang kahon bilang pagsubok sa iyong pag-unawa sa mga natutuhan mo sa araling ito.

| PAMAGAT NG TELESERYE: | | |
|---|---|---|
| **DIYALOGO NG TAUHAN** | **KAHULUGAN O PAHIWATIG** | **SOSYO-HISTORIKAL NA KAUGNAYAN** |
| | | |
| | | |
| | | |
| **PANGYAYARI** | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| **TAGPUAN** | | |
| | | |

Bakit mahalagang panoorin ang ganitong mga teleserye ng mga kabataang tulad mo?

Paano mo makikilala ang identidad at kultura ng isang lipunan mula sa iyong naranasan sa gawaing ito? Bumuo ng paglalahat tungkol dito.

**Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim**

Sa bahaging ito ng modyul, tinalakay natin ang mga kaalaman hinggil sa iba't ibang mensahe at tulong na magagawa ng isang teleserye.

Ano-anong bagong kaalaman ang iyong nakuha na maaari mong magamit sa pang-araw-araw na pamumuhya at ano ang nakatulong sa iyo upang matamo ang mga ito?

Ngayong may pag-unawa ka na sa paksa, handa ka ng gawin ang isang proyektong may kinalaman sa paglalahad ng mga mensahe bilang paghahanda sa isang komprehensibong pagbabalita.

## PAGLILIPAT

Ito ang huling bahagi ng aralin na inilaan upang higit na mapayaman ang iyong kaalaman at mapagtibay ang anumang bagay na iyong natutuhan. Mga natutuhang magagamit mo sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Ililipat mo ang iyong mga natutuhan sa susunod na gawain upang ganap ang iyong pag-unawa sa araling tinalakay.

### GAWAIN 10. Pagbabalita

Sa gawaing ito, susulat ka ng isang balita. Basahin ang panuto kung paano gagawin ito.

GAWIN MO ANG ***MINI TASK*** NA ITO!

**PAGSULAT NG BALITA**
**(Unang Bahagi: Pangangalap ng Datos)**

Nagnanais na magtampok ang inyong pahayagang pampaaralan ng mga balitang isinulat ng mga mag-aaral na may kaugnayan sa kultura, identidad at kasaysayan ng mga pook sa Luzon. Iniimbitahan kayong mag-ambag sa edisyong kanilang ilalabas. Gamit ang inyong natutuhan sa ating aralin, gawin ang *worksheet* na nakalaan upang bumuo ng mga balita patungkol sa pagkakakilanlan ng inyong pook at ang mga nagawang pakikisangkot ng mga kabataang tulad ninyo upang lubos na makilala ito. Ang inyong akda ay huhusgahan gamit ang ilang mga pamantayang nasa tseklist na magsisilbing gabay kung ang inyong gawa ay mapapasama sa edisyon.

Narito ang ilang patnubay upang maging malinaw ang iyong isasagawang pagsulat ng balita:

1. Ang balita ay tungkol sa mga pangyayaring naganap na hindi pa alam ng lahat o ngayon lang natuklasan, nagaganap o magaganap sa loob at labas ng iyong bayan. May mga balita tungkol sa sakuna, kakaibang imbensyon, kakatuwang pangyayari, sitwasyon sa politika at ekonomiya, at iba pa.

2. Mahalaga ang kayarian at nilalaman sa isang balita. Maaaring batay sa mga nabasa, napakinggan, nasaksihan, sinaliksik, o ginawa na maaaring makapagbibigay-kaalaman sa sinumang makapanood o makarinig nito. Ang nilalaman ng balita ay mga impormasyon na maaaring pumukaw ng interes, mga bagay na nais mabatid o dapat malaman. Ang kayarian naman ay maaaring tagilo (baliktad na piramide) o mapanuring anyo.

3. Sa kayariang tagilo o baliktad na piramide nakabubuo ng pamatnubay sa unang talata. Binubuod dito ang mahahalagang detalye at ang hindi gaanong mahalaga o mga pantulong na detalye upang lubos na maunawaan ang pangyayari ay inilalahad sa mga susunod na talata.

   Sinasagot ng pamatnubay ang mga tanong na **sino, ano, saan** at **kailan** ayon sa kahalagahan. Ang mga tanong namang **paano** at **bakit** ay inilalahad sa mga susunod na talata bilang pansuportang mga detalye.

4. Samantala, ang mapanuring anyo naman ay naglalahad ng malalim na pagsusuri sa sanhi at bunga ng pangyayari

**TANDAAN**

## Uri ng Balita

1. Paunang paglalahad - Itinuturing na hilaw pa ang ganitong uri ng balita, subalit inilathala na bunga ng pangangailangang maipaabot agad sa madla.

2. Tuwirang paglalahad - Sa ganitong uri ng paglalahad, tinatalakay ang pinakamahalagang impormasyon tungo sa maliliit na detalye.

3. Balitang bunga ng pakikipanayam - Karamihan sa balitang nabasa, naririnig at napapanood ay bunga ng pakikipanayam. Sa ganitong uri, ang pinakamahalaga lamang ang dapat isulat.

4. Kinipil na Balita - Ang ganitong uri ng balita ay dulot ng kakulangan sa espasyo sa pahayagan kung kaya ang buod ng maliliit na balita ay pinagsasama-sama.

5. Madaliang Balita o *Flash* - Ikinukulong sa kahon upang makatawag agad ng pansin.

6. *Depth news* o balitang may lalim - Kinakailangan ang masusing pananaliksik, upang higit na matalakay ang mga ulat na nakapaloob dito.

7. Balitang Pangsensya - Tungkol sa mga makabagong imbensyon o pagtuklas sa mga bagay na makakatulong sa pagpapadali ng mga gawain.

   (Mula sa: http://teksbok.blogspot.com/2013/01/uri-ng-balita.html)

## Iba Pang Uri ng Balita

1. Balitang Panlokal - Mga balita tungkol sa isang lokal na yunit ng pamahalaan tulad ng barangay.

2. Balitang Pambansa - Mga balitang mahalaga at nagaganap sa buong bansa.

3. Balitang Pandaigdig - Mga balitang nagaganap na mahalaga sa buong daigdig. halimbawa: Digmaan sa Iraq.

4. Balitang Pampolitikal - Tungkol sa mga pangyayaring may kinalaman sa politika.

5. Balitang Pampalakasan - Tungkol sa mga pangyayaring may kinalaman sa mga palaro at kompetisyong pangkalakasan.

6. Balitang Pang-edukasyon - Tungkol sa mga pangyayaring may kinalaman sa edukasyon.

7. Balitang Pantahanan - Tungkol sa mga mahalagang pangyayaring may kinalaman sa pamamahala ng tahanan.

8. Balitang Pangkabuhayan - Tungkol sa mga mahalagang pangyayaring may kinalaman sa negosyo at takbo ng kabuhayan ng bansa.

9. Balitang Panlibangan - May kinalaman sa larangan ng telebisyon, radyo, pelikula, tanghalan, at iba pa.

10. Balitang buhat sa talumpati – ito'y buhat sa pinaghandaang okasyon tulad ng palatuntunan, seminar, panayam o pulong.

Ang isang balita ay maaaring sumagot sa anim na pahiwatig:

1. Ano – itinatampok ang pinakamahalagang pangyayari.
2. Sino – tinutukoy ang isang tanyag o kilalang tao.
3. Bakit – tinatalakay ang sanhi o dahilan ng pangyayari.
4. Paano – itinatampok ang paraan ng pagkakaganap ng pangyayari.
5. Kailan – binabanggit ang petsa.
6. Saan – itinatampok ang pook o lugar na pinangyarihan.

**RUBRIK SA PAGSULAT NG BALITA**

Bibilugan ang angkop na iskor batay sa narinig na malikhaing pagkukuwento.

4: Natatangi
3: Mahusay
2: Nalilinang
1: May Kahinaan

| Pamantayan | Deskripsyon | Marka |
|---|---|---|
| Impormasyon o datos | Dami ng nakalap na impormasyon o datos. Kabuluhan ng nakalap na impormasyon. Angkop ang impormasyon upang maipakilala ang rehiyon. | |
| Pagkakabuo | | |

| | | |
|---|---|---|
| | Nailahad ayon sa wastong pagkakahanay ang mga impormasyon. Maayos ang daloy at hindi nawawala ang kawilihan at kasabikan sa bawat impormasyong inilalahad. | |
| Sanggunian at Pamamaraan | Katanggap-tanggap ang mga impormasyong hango sa awtoridad. Mabisa ang pamamarang ginamit upang makalikom ng impormasyon. | |
| Paggamit ng Wika | Mabisang nagamit ang wika upang mailahad ang impormasyon. | |
| Komprehensibo | Nailahad ang mahahalagang impormasyong dapat malaman tungkol sa pagkakakilanlan ng rehiyon at ang pakikisangkot ng mga kabataan. Sinusuportahan ng mga detalye upang matulungang maunawaan ng mambabasa at manonood ang mga impormasyong nailahad. | |
| | **KABUUAN** | |

**Katapusang Bahagi ng Paglilipat**

Sa bahaging ito ng modyul, naisagawa mo ang isang komprehensibong pagbabalita sa pamamagitan ng pangangalap ng impormasyon.

Ngayon, paano mo ilalahad ang iyong isinagawang pagganap? Paano nakatulong ang gawain upang maunawaan moa ng komprehensibong paghahatid ng impormasyon gamit ang mga akdang pampanitikang nagpapakita ng kultura at pagkakakilanlan?

## Aralin 4

**Panitikan:** Maikling Kuwento/Dula
**Wika:** Mga Panandang Anaporik at Kataporik ng Pangngalan

### PAGTUKLAS

Matapos maisakatuparan ang mga gawain sa ARALIN 3, halina't tuklasin ang mga bagong kaalaman at konseptong matutuhan sa panibagong aralin.

### GAWAIN 1. Mga Linyang Hindi Malilimutan

Bumuo nga ng isang eksena sa pamamagitan ng paggamit ng pag-uugnay ng mga linya sa pelikula. Tandaang ang isang eksena ay naganap lamang sa isang tagpuan.

Walang himala. Ang himala ay nasa puso ng tao. Nasa puso nating lahat.
Akala mo lang wala, pero meron, meron, meron!
Trabaho lang ito, walang personalan.
Ayoko ng masikip, ayoko ng mabaho, ayoko ng putik!
Si Val! Si Val ! Palagi na lang si Val! Ang walang malay na si Val!
Ding, ang bato! Darna!
Huwag, huwag, huwag mong buhayin ang bangkay!
Gaano kadalas ang minsan?
Utang ito, hindi limos. At babalikan kita para bayaran ang halagang ito nang nakatayo. habang ikaw naman ang tinatapakan ko!
Aanhin pa ang kaluluwa ko kung minsang pang hiniling ng puso ko…
(Maaari ka pang magdagdag ng mga linyang pamilyar sa'yo.)

| Dito mo ilagay ang iyong nabuong iskrip. |
|---|
| |

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Saan naganap ang tagpuan?

2. Tungkol saan ang kuwento?

3. Ano-ano ang katangian ng mga tauhan sa iyong kuwento?

4. Ano ang naging suliranin sa kuwento?

5. Bakit naganap ang ganoong suliranin?

6. Ano kaya ang mahihinuha mong kahihinatnan o magiging wakas ng iyong binuong kuwento? Bakit?

7. Bakit mahalagang maisaalang-alang ang mga elemento ng tauhan, tagpuan at pangyayari sa isang kuwento?

8. Ano-ano ang kahalagahang makukuha sa pagbabasa ng maikling kuwento?
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

## GAWAIN 2. Wika Mo, Wika Ko Wika Nating Lahat!

Bawat bansa ay may sariling wika. Ibigay mo nga ang iyong sariling pananaw tungkol sa wika. Isulat ang iyong sagot sa grapikong pantulong sa ibaba.

| **Ano ang mga konseptong maiuugnay mo sa wika?** | **Gaano kahalaga ang pagkakaroon ng sariling wika?** | **Paano mo pahahala-gahan ang iyong wika?** |
|---|---|---|
| ⬇ | ⬇ | ⬇ |
| 1.<br><br>2. | 1.<br><br>2. | 1.<br><br>2. |

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Bakit sinasabing ang wika ay salamin ng pagkakakilanlan?
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

2. Sang-ayon ka ba sa pahayag ni Rizal na, “Ang hindi marunong magmahal sa sariling wika ay higit pa sa hayop at malansang isda?”Pangatwiranan.
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

3. Naniniwala ka bang ang wika at kultura ay magkaugnay o laging magkabuhol? Paano nakatutulong ang mabisang paggamit ng wika upang lubos na makilala ang kultura at identidad ng isang rehiyon?

**Katapusang Bahagi ng Pagtuklas**

Nasabukan mo sa araling ito na magbigay ng kaalaman sa pagbuo ng isang maikling kuwento, gayundin kung bakit mahalaga ang pagbabasa ng maikling kuwento. Nasubukan mo na ring magbigay ng iyong pananaw sa kahalagahan ng pagkakaroon ng sariling wika. Mas palalawakin pa natin ngayon ang mga gawaing makikita sa susunod na bahagi.

Ang matutuhan mo sa mga susunod na bahagi ay makatutulong sa iyong linawin ang mahahalagang detalye na magagamit mo sa pagbuo ng isang komprehensibong pagbabalita.

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Ang layunin mo sa bahaging ito ng modyul ay matutuhan at maunawaan kung paano nakaaapekto ang paggamit ng wika sa lipunan gayundin bilang salamin ng pagkakakilanlan. Basahin at unawain ang akda bago gawin ang aktibiti. Sagutin moa ng mga tanong pagkatapos ng pagbasa.

**TANDAAN**

Ang Gitnang Luzon ay isang malaking kapatagan na inaani ang karamihan sa bigas na kinakain sa araw-araw. Ang mga probinsya o lalawigang bahagi ng Gitnang Luzon ay ang Aurora, Bataan, Bulacan, Nueva Ecija, Tarlac, Zambales at Pampanga. Ibaling ang iyong pansin sa mayamang lalawigan ng Pampanga.

Ang Pampanga ay hango sa salitang pampang o pampangan na ang ibig sabihin ay tabing- ilog. Mangilan-ngilan lamang ang kanilang literatura bago dumating ang mga Kastila kaya napakadaling naimpluwensiyahan ang panitikan nila nang dumating ang mga Kastila. Lalo na ng dumating ang mga Amerikano. Ilan sa mga

kilalang manunulat ng Rehiyon 3 ay sina Virgilio S. Almario, Julian Cruz Balmaceda, Aurelio Tolentino, Jose Corazon de Jesus, Aniceto dela Merced, Marcelo H. ddel Pilar, Francisco Baltazar, Florentino Collantes, Teodoro Giner, Cinco H. Panganiban, Valeriano Hernandez Peña at Juan Crisostomo Sotto. Buksan ang link na ito http://catherinemylobcabase.blogspot.com/2011/09/isang-modyul-ng-rehiyon-iii-gitnang.html upang mabasa ang tungkol sa rehiyon 3

## GAWAIN 3. Ano ang Konteksto?

Bago mo basahin ang maikling kuwentong *Si Binibining Phathupats,* tukuyin mo muna ang konteksto ng mga salitang may salungguhit sa loob ng pangungusap.

1. Punong-puno ng **kolorete** ang mukha ng dalagang si Binibining Yeyeng na senyales ng kanyang pag-asenso. _______________.

2. **Nauutal** si Binibining Yeyeng sa tuwing magsasalita ng Kapampangan kaya kailanman hindi na siya makapagsasalita ng tuwid. ____________.


3. **Ginagad** ng isa ang tono ng pananalita ng binibini sa Kastila matapos nitong sabihing hindi na siya nakauunawa ng Pampango.____________.

4. Hindi na Yeyeng ang **palasak** niyang pangalan kundi Binibining Phathupats na mula ngayon. ______________.

5. Nakikita si Binibining Yeyeng na **sunong** ang ginatan o kaya'y bitso-bitso na inilalako niya sa mga sugalan ______________.

## GAWAIN 4. Ipakilala Mo

Handa mo na ngayong unawain at basahin ang maikling kuwento mula sa Pampanga. Subukin mong punan ang balangkas sa ibaba upang maipakilala si Binibining Phathupats.





Basahin ang maikling kuwento mula sa Pampanga.

**Pagbasa 1**

**Si Binibining Phathupats**

ni Juan Crisostomo Soto

Punong- puno ng kolorete ang mukha ng dalagang si Binibining Yeyeng. Sabi nila ipinanganak ang kanyang mga magulang sa sulok ng Pampanga, sa pinakamaliliit na bayan nito. Dahil dito Pilipina si Binibining Yeyeng mula ulo hanggang paa, at kahit sa kadulu-duluhan ng kanyang buhok, Kapampangan siya.

Dahil mahirap lang sila, karamihang nagtitinda ang ikinabubuhay. Nakikita si Binibining Yeyeng na sunong ang ginatan o kaya bitso-bitso na inilalako niya sa mga sugalan. Nagdalagang walang pagbabago sa buhay nitong binibini.

Natapos ang rebolusyon. Nagbukas ng paaralan ang pamahalaang militar ng Amerika at dito pinagturo ang mga sundalong Amerikano. Nangyaring si Binibining Yeyeng, Yeyeng pa noon, wala pang binibini, ay nagkaroon ng suking sundalo. Inakit ng sundalong mag-aral ang dalaga sa paaralang kanyang pinagtuturuan upang magkaintindihan sila. Sa kanilang pag-uusap, nag-iingles ang sundalo, nagkaka-pampangan si Binibining Yeyeng, kaya napilitan siyang mag-aral.

Pagkaraan ng ilang buwan, nagsasalita na ng Ingles si Binibining Yeyeng. Paglipas ng walong buwan, sa amuki ng gurong kawal, ipinahatid siya sa isang bayan kung saan siya pinagturo.

Noong nagtuturo na doon, pinahanga niya ang taong-bayan dahil nakikita nilang mas marunong siya ng Ingles kaysa sa kanila.

Ganyan lumipas ang panahon. Halos hindi na nagsalita si Binibining Yeyeng ng Kapampangan dahil sabi niya ay nakalimutan na niya. Matigas daw ang Kapampangan at nababaluktot ang kanyang dila, kaya kailanman hindi na siya makapagsalita ng tuwid at nauutal siya.

Nagkalabitan ang mga maalam na nakakikilala sa kanya pagkarinig nito. Pinalitan tuloy ang kanyang pangalan at pinangalanan siya ng matunog at umaalingasaw na “Binibining Phathupats,” pangalang hango sa malapad niyang balakang na pilit na iniipit sa pahang mahigpit na ginagamit niya, kaya wala siyang iniwan sa patupat o suman sa ibus na mahigpit ang balot.

Magmula noon ito ang pangalang ibinansag sa kanya at nakalimutan nilang tuluyan ang Yeyeng, ang malambing niyang palayaw. Ang Binibining Phathupats ang naging palasak.

Ganito nang ganito ang buhay. Hindi nagtagal lumabas ang *Ing Emangabiran*, pahayagang Kapampangan sa Bacolor. Sa isang pista o *velada* sa

bayang X, na kung saan dumalo si Binibining Phathupats, binabasa ito. Lumapit siya, ngunit nang makita na Kapampangan ang binabasa, lumabi ng kaunti, umiling at nagsabi.

*"Mi no entiende el Pampango"*
*"Mi no entiende ese Castellano, Binibini,"* sabi naman ng isang susut, ginagad ang kanyang tono.

Napangiti lahat ng nasa umpukan: at sapagkat may pinag-aralan sila, hindi na nila ipinakita ang pagkaaliw nila sa binibini. At ito namang babae kahit alam na parang tinutukso na siya ay nagpatuloy din at nagsabi:

"Sa katunayan, totoong nahihirapan na akong bumigkas ng Kapampangan lalo na kung binabasa ko."

Dito sa iilang salitang binigkas niya, sumama lahat ang iba't ibang wika ng talasalitaang bulgar na ang Ingles, Kastila, at Tagalog na pinaghalu-halo niya ang walang kawawaan. Hindi na nakapagpigil ang mga nakarinig; napatawa sila ng malakas.

Nagalit si Binibining Phathupats, hinarap ang mga tumatawa at sabi niya:
*"Porque reir?"*
*"Por el tsampurado, Binibini,"* sabi ng unang sumagot.

Lalong lumakas ang halakhak ng mga nakikinig at nag-init ang pakiramdam ni Binibining Phathupats.

Isa sa mga nakatayo ang nagsabi ng ganito.

"Hindi kayo dapat magtaka kung hindi na marunong ng Kapampangan si Binibining Phathupats: Una, dahil matagal na siyang nakisama sa mga kawal na Amerikano: pangalawa, hindi na siya Kapampangan. Katunayan Binibining Phathupats ang kanyang pangalan".

Noon na sumabog ang bulkan. Putok na ubod nang lakas, sumabog ang kaldero ni Binibining Phathupats at mula sa bunganga niyang naglalawa lumabas ang lagablab ng Vesubiyo o ang lahat ng maruruming salita sa Kapampangan, bigla niyang pinagsama-sama sa nag-aapoy na bunganga.

"Walanghiya! Magnanakaw! Taga-lason! Anak-!" sabi sa tinurang wikang Kapampangan.

"Aba, Kapampangan pala siya!" sabi ng mga nakarinig.

"Oo, hindi ba ninyo alam?" sabi ng nakakakilala sa kanya. "Anak siya ni matandang Godiung Pakbong na aking kanayon."

Napahalakhak nang malakas ang mga nanonood. Napaiyak na si Binibining Phathupats at sa pagpupunas sa kanyang tumutulong luha sumama ang makapal niyang pulbos sa pisngi. Lumitaw ang likas niyang kulay, maitim pa siya sa duhat. Nang makita ito ng mga nanonood lalo na silang napatawa at nagsabi:

"Aba! Maitim pala siya!"
"Oo, Amerikanang negra siya!"

Sigawan, palakpak, halakhakan ang narinig noon. Hindi na nakatiis si Binibining Phathupats. Nagkandarapa sa paglabas sa daan at sabi niya:

*"Mi no vuelve en esta casa."*
"Paalam, Binibining hindi marunong ng Kapampangan!"
"Paalam, Binibining Alice Roosevelt!"
"Paalam, Binibining Phathupats!"

Ganyan siyang pinagtutulung-tulungan, at ang kawawang Yeyeng ay umalis na bubulung-bulong na parang asong ulol.

Napakarami ng mga Binibining Phathupats sa panahon ngayon. Hindi na sila marunong ng Kapampangan o ikinahihiya na nila ang Kapampangan dahil nakapagsasalita na sila ng Ingles na tsampurado.

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Paano inilarawan si Binibining Phathupats?

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

2. Bakit siya pinangalanang Phathupats? Makatarungan ba ang ganoong taguri sa kanya?

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

3. Ano ang naging impluwensya ng mga Amerikano sa pagbabago ni Bb. Phathupats?

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

______________________________________________
____

4. Masisisi mo ba kung bakit naging ganoon ang naging pag-uugali ni Binibining Phathupats? Bakit?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

5. Masisisi rin ba natin ang mga taong hindi naging mabuti ang pagtanggap sa kanyang mga pag-uugali? Bakit?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

6. Sino-sino sa kasalukuyan ang maaari nating maiugnay kay Binibining Phathupats? Ipaliwanag ang sagot.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

7. Mababago pa kaya ang ganitong pag-uugali? Sa paanong paraan?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

8. Ano-anong kultura at kaugalian ng mga Kapampangan ang totoong inilalarawan sa kuwentong iyong nabasa?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

9. Paano nakatulong ang akda sa pagkilala sa kultura at identidad ng mga Kapampangan?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

Matapos mong masuri ang isang maikling kuwento, higit na maka-tutulong sa iyong maisagawa ang susunod na gawain kung uunawainmo ang susunod na mga kaalaman gaya ng mabisang gamit nganaporik at kataporik ng pangngalan sa pagbubuod ng mga kaisipan mula sa binasa.

**TANDAAN**

Ang mga panandang **anaporik** o panghalip sa unahan at **kataporik** o panghalip sa hulihan ng pangngalan ay mga kohesyong gramatikal.

-  Ang **kohesyong gramatikal** (*cohesive devices*) ay mga salitang nagsisilbing pananda upang hindi paulit-ulit ang mga salita. Ang mga *cohesive devices* na ito ay mga panghalip ito, ito, doon, dito, iyon – bagay/ lugar/ hayop, sila, siya, tayo, kanila, kaniya – tao/ hayop

-  Halimbawa ng panghalip na ginagamit sa hulihan bilang panimula sa pinalitang pangngalan sa unahan ng pangungusap.

   Hal: Sina Raha Sulayman at Andres Bonifacio ang mga bayaning Pilipino. Sila ay mga dakilang Manileno.

-  Ang mga panghalip na ginagamit sa unahan bilang pananda sa pinalitang pangngalan sa hulihan.

   Hal: Ito ay isang dakilang lungsod. Ang Maynila ay may makulay na kasaysayan.

## GAWAIN 5. Anaporik at Kataporik ng Pangngalan

Magbigay ng mga halimbawa ng pangungusap na gumagamit ng anaporik at kataporik ng pangngalan upang ilarawan ang iba't ibang kaugaliang dapat maisabuhay bilang mga Pilipino. Isulat sa inilaang linya.

Halimbawa:

Magagandang kaugalian ang pagmamano at paggamit ng po at opo. Likas sa mga Pilipino ang mga ito.


Sina apong Gat-eb at tatang As-il ay nagmamama at laging nakabahag kahit walang okasyon. Sila ay mga katutubong Igorot.

ANAPORIK
1. ______________________________
2. ______________________________
3. ______________________________

KATAPORIK
1. ______________________________
2. ______________________________
3. ______________________________

## GAWAIN 6. Ibuod Mo ang Kuwento Ko

Punan ang *essaymap* sa internet sa pamamagitan ng pag-klik ng link na ito: (http://www.readwritethink.org/files/resources/interactives/essaymap/ upang makabuo ng buod ng binasang akda. Sundin lamang ang gabay sa pagbuo nito. Gumamit ng mga kohesyong gramatikal na anaporik at kataporik ng pangngalan sa pagbuo ng mga pangungusap.



**Katapusang Bahagi ng Paglinang**

Sa bahaging ito ng modyul, tinalakay natin ang maikling kuwentong *Bb. Phathupats* at ang kohesyong gramatikal. Ngayon alam mo na ang mga mahahalagang kaalamang ito, maaari ka ng tumungo sa susunod na bahagi ng modyul. Palalimin natin ang iyong kaalaman sa susunod na bahagi ng modyul.

## PAGPAPALALIM

Ang iyong tutunguhin sa bahaging ito ng modyul ay masuri ang iba't ibang kaalaman na may kaugnayan sa paksang tinatalakay. Bilang isang kabataan, paano mo ipapakita ang pagmamahal sa iyong sariling wika gayundin ang pagmamalaki at paggawa ng paraan upang ito'y maipalaganap at mapahalagahan din ng iba ang kanilang wikang simbolo ng kanilang pagkakakilanlan.

### GAWAIN 7. Bigkasin Mo Ayon sa Tamang Tono at Damdamin

Magsaliksik sa *internet* ng iba't ibang paraan ng pagbati at mabubuting paraan ng pagpapahayag ng pagpapahalaga sa kapwa na palasak sa iba't ibang rehiyon. Bumuo ka ng isang maikling ulat gaya ng pagbabalita ng isang sikat na *news anchor* sa radyo o telebisyon. I-*video* ito at i-*post* sa *internet*. Mag-*post* ng puna sa *discussion board.*

Isulat sa loob ng kahon ang nabuong iskrip na bibigkasin gamit ang iba't ibang wika ng Pilipinas na tumatalakay sa iba't ibang paraan ng pagbati mga paraan ng pagpapahayag ng pagpapahalaga sa kapwa. Maaaring simulan sa ganitong paraan.

| |
|---|
| Magandang umaga, bayan! Naimbag nga bigat kadagiti Ilokano. Mayap a abak sa mga Kapampangan. |

## GAWAIN 8. Unawain Mo at Pagnilayan

Buuin ang pangungusap upang makabuo ng paglalahat patungkol sa mga natutuhan sa araling ito.

SA KAHALAGAHAN NG WIKA

1. Mahalagang magkaroon ng pambansang wika sapagkat
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
__

2. Makatutulong ako sa pagpapayaman ng aking sariling wika sa pamamagitan ng
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

Sa Kahalagahan ng Panitikan

1. Ang pagbabasa ng maikling kuwento gaya ng panitikang Kapampangan na may pamagat na Binibining Phatuphats ay nakatutulong upang
_______________________________________________
_______________________________________________

2. Mahalaga ang patuloy na pagbabasa ng iba't ibang akdang pampanitikan sa rehiyon o sariling pook dahil
_______________________________________________
_______________________________________________

## GAWAIN 9. Nabuo Ko Na!

Buuin ang kahon tungkol sa iyong pangkalahatang pag-unawa sa kahalagahan ng pagbabasa ng iba't ibang akdang pampanitikang panrehiyon upang lubos na maunawaan ang kultura at identidad ng Luzon.

| **Akda** | **Katangian ng Akda Upang Mailahad ang Kultura at Identidad ng Luzon** | **Nabuong paglalahat sa tanong na: Paano makikilala ang kultura at identidad ng Luzon?** |
|---|---|---|
| Mga Tulang Panudyo/ De Gulong/ Bugtong | | |

| | | |
|---|---|---|
| | | |
| Maikling Kuwento | | |
| Sanaysay | | |
| Dula | | |
| Kuwentong Bayan/ Mito/ Alamat | | |

**Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim**

Ito ang huling bahagi ng aralin na talaga namang inilaan upang higit pang mapayaman ang iyong kaalaman at mapagtibay ang anumang bagay na iyong natutuhan. Magagamit mo ang mga natutuhan mo sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Layunin ng bahaging ito na sukatin ang iyong natutuhan sa pamamagitan ng paglilipat ng kaalaman sa pagsasakatuparan ng

## PAGLILIPAT

Ang iyong tunguhin sa bahaging ito ay mailipat ang iyong mga natutuhan sa mga totoong sitwasyon. Bibigyan ka ng mga gawaing makatutulong sa iyo upang maipakita mo ang iyong malalim na pang-unawa.

## GAWAIN 10. Pagsulat ng Balita

Ipagpatuloy mo ang pagsulat ng balita.

**ISULAT MO NA!**

**Pagsulat ng Balita**
**(Huling Bahagi)**

Balikan mo ang naumpisahan mong burador sa nakaraang aralin at iyo nang irebisa ang mga ito sa pamamagitan ng pagwawasto sa kamalian sa gramatika gayundin ang pagdaragdag ng mga detalye upang ganap na mailahad ang mga dapat matutuhan patungkol sa isasagawang komprehensibong pagbabalita. Muli mong balikan ang tseklist sa pagmamarka ng iyong binuong mga balita.

Balikan ang nagawang burador sa unang aralin. Narito pa ang ilang patnubay upang mapaunlad pa ang balitang iyong isinulat.

1. Gawing tiyak ang mga datos. Gawing maikli lamang ang mga pangungusap.

2. Makabubuting magsimula sa pandiwa o aksyon at pang-abay. Gumamit ng pandiwang nasa aktibong tinig. Iwasan ang pang-uri dahil madalas nagpapahayag ito ng opinyon at damdaming hindi dapat maipahayag sa balita.

3. Gawing isang ideya ang bawat pangungusap. Limitahan ang bilang ng mga salita sa pangungusap. Dalawampu't tatlo hanggang dalawampu't limang (23-25) salita lamang. Tiyakang maayos at lohikal ang pagkakahanay ng kaisipan. Iwasan ang paggamit ng parehong salita sa pangungusap.

4. Maging tapat sa paglalahad ng balita dahil kailangang maging kapani-paniwala ang inihahatid na impormasyon na siyang pangunahing layunin nito.

5. Huwag magpahayag ng mga bagay na maaaring tumutuligsa o sumisira sa karangalan ng buhay na pribado o sa kabanalan ng isang tahanan, sa pananampalataya ng isang tao, o magsilbing panghamon nang walang katarungan sa damdamin ng bayan o kaya'y gumugulo sa katahimikan ng bayan (Mula sa Kodigo ng Etika ng Pamamahayag sa Pilipinas, blg. 6).

6. Iwasang maging kusang patakaran ang labis na pagkasensesyonal upang matamo lamang ang pagsang-ayon ng karamihan. Bawasan ang mga balita sa

krimen na walang layunin kundi magpasigla sa kriminalidad (Kodigo ng Etika, Blg. 8).

7. Nakatutulong sa pagpapaniwala sa balita ang mga pahayag gaya ng sang-ayon sa, sang-ayon kay, pinatunayan sa, batay sa resulta ng, ipinaliwanag ni, mababasa sa, at iba pa.

8. Panghuli, basahin ang Sampung (10) Dapat Tandaan sa Pagsulat ng Artikulo http://fil.wikipilipinas.org/index.php/10_Dapat_Tandaan_sa_Pagsulat_ng_Artikulo_sa_WikiFilipino)

   a. Isaad ang pinakamahalagang detalye ng artikulo sa unang talata. Iwasang sabihin, halimbawa, na “Si Juan Madrigal ay isinilang sa Bundok Tralala noong 8 Pebrero 2004. Anak siya nina Ignacia at Pedro Madrigal. Bla-bla-bla.” Ano ang importanteng bagay na marapat itampok? Halimbawa, “Si Juan Madrigal ang nagpundar ng pinakamalaking negosyo hinggil sa minahan sa Romblon, at tumulong sa gobyerno upang mapahusay ang imprastruktura sa naturang lalawigan.”
   b. Kung tao ang paksa, magtuon kung saang lárangan siya naging tanyag. Sa sining biswal ba, sa politika, o sa isports o sa iba pang lárangan?
   c. Kung hinggil sa pook ang paksa, isaad ang katangian, kung hindi man kahalagahan niyon sa mga Filipino. Huwag kaligtaan ang mga detalye: rehiyon, mapapopulasyon, lungsod, munisipalidad, at iba pa. Kung pamana ng lahi ang pook, gaya ng payo sa Cordillera, isaad ang kahalagahan niyon sa pandaigdigang antas.
   d. Kung hinggil sa bagay ang paksa, ilarawan ang kahalagahan o katangian niyon sa unang talata pa lamang. Pagkaraan, isaad ang iba pang detalye: saan matatagpuan, sino ang gumawa o umimbento, ano ang sagisag, ano ang silbi o gamit, at bakit minamahalaga ng mga tao.
   e. Kung hinggil naman sa pangyayari, isaad kung ano ang naganap, sino ang mga tao na sangkot, saan naganap, at ano ang kahalagahan sa Filipino. Huwag masyadong maglunoy sa pagkatalo ng mga Filipino sa digmaan; hanapin ang mga pangyayari na may pananaig o pagwawagi ng mga Filipino.
   f. Kung hinggil sa hayop o halaman ang paksa, hanapin ang taal na pangalan ng naturang hayop o halaman at iyon ang gamitin, imbes na sumandig sa Ingles o siyentipikong pangalan. Gayunman, huwag kaligtaang isaad ang siyentipikong pangalan ng sari. Isaad din kung saan-saang panig ng bansa makikita ang mga sari ng gayong hayop o halaman. Bigyan ng priyoridad ang sari na taal sa Filipinas, halimbawa, “malmag” (tarsier) at “dugong” (seacow).
   g. Kung hinggil sa organisasyon ang paksa, magtuon kung lárang nakilala ang pangkat. Isaad ang bisyon nito, ang mga nagawang proyekto, ang pamunuan at ang uri ng mga kasapi.
   h. Laging isaisip ang balangkas ng proyektong akda. Higit na madaling sumulat kung may sinusundang balangkas.

i. Huwag kaligtaang isaad ang mga sanggunian, pagkilala, at kawing.
j. Laging isaalang-alang ang katotohanan ng mga akdang sanggunian. Tiyakin ang pinagmumulan ng sanggunian, dahil hindi lahat ng bagay ay maaaring maging sanggunian.

**_CHECKBRIC_ SA PAGSULAT NG BALITA**

Bilugan ang angkop na iskor batay sa narinig na malikhaing pagkukuwento.

4: Natatangi
3: Mahusay
2: Nalilinang
1: May Kahinaan

| Pamantayan | Deskripsyon | Marka |
|---|---|---|
| Impormasyon o datos | Dami ng nakalap na impormasyon o datos. Kabuluhan ng nakalap na impormasyon. Angkop ang impormasyon upang maipakilala ang rehiyon. | |
| Pagkakabuo | Nailahad ayon sa wastong pagkakahanay ang mga impormasyon. Maayos ang daloy at hindi nawawala ang kawilihan at kasabikan sa bawat impormasyong inilalahad. | |
| Sanggunian at Pamamaraan | Katanggap-tanggap ang mga impormasyong hango sa awtoridad. Mabisa ang pamamarang ginamit upang makalikom ng impormasyon. | |
| Paggamit ng Wika | Mabisang ginamit ang wika upang mailahad ang impormasyon. Gumamit ng mga pahayag na makapagpapatotoo sa impormasyon. | |
| Komprehensib o | Nailahad ang mahahalagang impormasyong dapat malaman tungkol sa pagkakakilanlan ng rehiyon at ang pakikisangkot ng mga kabataan. Sinusuportahan ng mga detalye upang matulungang maunawaan ng mambabasa at manonood ang mga impormasyong nailahad. | |
| | **KABUUAN** | |

**Katapusang Bahagi ng Paglilipat**

Sa bahaging ito ng modyul, ang inyong ginawa ay paglalahad ng mga impormasyon upang mapalaganap ang iba't ibang pagkakakilanlan ng iyong sariling rehiyon at ang pakikisangkot ng mga kabataang tulad mo upang maipalaganap ang pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikang nakatutulong upang makilala ang kultura ng lipunang kinabibilangan. Ano ang iyong masasabi sa nasabing gawain? Paano nakatulong ang gawain sa paglilipat upang makita mo ang tunay na larawan ng iyong rehiyon?

## Aralin 5

1. **Pangwakas na Gawain**
2. **Mga Pahayag sa Pagtugon sa Anumang Mensahe**

## PAGTUKLAS

Simulan natin ang Aralin 5 ng modyul na ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng tugon ayon sa sariling pag-unawa sa mga paksang ilalahad.

### GAWAIN 1. Stop, Look and Listen!

Makinig at manoood ng ilang balita sa telebisyon o sa *internet* at sagutin ang sumusunod na mga tanong.

1. Ano-ano ang mga katangian ng isang mahusay na tagapagbalita?

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

2. Ano-ano pa maliban sa kahusayan ng tagapagbalita ang kailangan upang mabisang maihatid ang balita sa mga tagapagbalita ang kailangan upang mabisang maihatid ang balita sa mga tagapakinig at manonood?

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

3. Ano-ano ang mga hakbang na kailangan upang makabuo ng balitang makapang-hikayat sa mga tagapakinig at manonood?

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________


4. Bakit mahalaga ang pakikinig o panonood ng mga balita?

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

5. Paano nakatutulong ang mga balita upang makilala ang kultura at kaugalian ng isang rehiyon o ng isang lipunan?

## GAWAIN 2. Balitang Kutsero, Kailan Magkakatotoo?

Upang higit na maunawaan ang mensahe at maging kapani-paniwala ang mga impormasyon, kailangang maging komprehensibo ang gagawing pagbabalita. Ibigay ang mga katangian ng isang komprehensibong pagbabalita gamit ang gramatikang pantulong.




**Katapusang Bahagi ng Pagtuklas**

Nasubukan mong magbigay ng iyong sariling pag-unawa sa mga tanong sa unang gawain. Mas palalawakin pa natin ngayon ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gawain na makikita sa mga susunod na bahagi ng modyul.



## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Ang layunin mo sa bahaging ito ay matutuhan at maunawaan ang mga kailangan sa paglikha ng sariling ulat-balita gayundin ang mga hakbang sa pagsasagawa ng isang komprehensibong pagbabalita. Basahin at unawain ang iba't ibang teksto. Sagutin mo ang mga tanong pagkatapos ng pagbasa.

**Gawain 3: Pagsusuri sa Balitang Pasulat**



Basahin ang balita sa ibaba. Sagutin ang mga gawaing inihanda.

**Pagbasa 2**

### Tunay na ganda ng Albay, Ibinabalik

(Bahagi sa balita ni Dindo M. Balares)

Hindi sapat ang salitang maganda o napakaganda o ubod ng ganda kung ilalarawan ang Albay, ang probinsiyang kinaroroonan ng isa sa mga pinakabantog na bulkan sa buong mundo.

Ang Mayon Volcano, bagamat sinasabing napingasan ng kaunti ang bibig nang huli itong sumabog, ay nananatiling almost *perfect cone*.

Ngunit ang maalindog na bulkan na may taas na 2,462 metro ay kalahati pa lamang ng tunay na kagandahang taglay ng Albay, na bagamat nakatago ay madali ring matutuklasan — sa katauhan, puso at utak ng mga taga-Albay — lalo na sa kasalukuyang pinuno ng probinsiya.

Magkasabay na matiyagang hinuhubog ng Diyos at ng kalikasan ang kagandahan ng Mayon at ang puso't utak ng mahuhusay pero kiming Bicolano, kasama ang kasalukuyang ama ng Albay na si Gov. Joey Salceda, ang henyo sa likod ng pamumulaklak ng ekonomiya at kultura sa naturang probinsiya.

Takbuhan ng payo ng mga pangulo ng Pilipinas nitong nakaraang dekada, palaging inaalok ng posisyon sa gabinete pero palagi ring tumatanggi, isa si Gov. Salceda sa tugon-sa-panahon na ilang lider sa Bicol na tulad nina Jesse Robredo (SLN) at Iriga City Mayor Madel Alfelor-Gazmen ay naniniwala na uunlad ang Pilipinas kung magbabalik tayong lahat sa mabubuting katangian ng ating mga ninuno.

Patuloy ang paghubog ng kalikasan at ng Diyos sa mga Bicolano.

Maaring puntahan ang ilang websites at suriin ang nilalaman ng mga balita rito.
http://www.balita.net.ph/tag/lokal/page/2/
http://www.pinoybalita.info/local-news

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang pinapaksa ng balita?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2. Naisaalang-alang ba sa balitang binasa ang mga dapat tandaan sa pagsulat ng balita? Ano-ano ang magagandang nailahad sa balita?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3. Kung ikaw ang susulat ng gayunding balita, paano mo pa ito gagawing mabisa?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

## GAWAIN 3. Pagsusuri sa Pasalitang Ulat-Balita

Buksan ang *internet* at hanapin ang mga sumusunod na *websites*. Maaari ka ring maghanap ng iba pang paraan ng pagbabalita sa youtube at i-*search* lamang ang mga halimbawa ng balita sa *search engine*. Matapos panoorin ang mga ito ay sagutin ang mga tanong.

http://www.youtube.com/results?search_query=gma+news+tv+documentaries
(gma news tv documentaries)
http://www.youtube.com/watch?v=8RPNmZEz3Ns
**I WITNESS LIHIM NG KANLURAN**
http://www.youtube.com/watch?v=48pqoP8LK3c
**Rattan iWitness**
http://www.youtube.com/watch?v=XtfY0K7MMEM
**Baguio students play basketball in bahag**
http://balitangbarangay.blogspot.com/

https://www.google.com.ph/?gws_rd=ssl#q=halimbawa+ng+balitang+panlalawigan&revid=1566864595

Sagutin mo ang tanong.

1. Ano- ano ang magagandang salik na dapat mong maisaalang-alang sa pagbabalita matapos mong mapanood ang ilan sa mga palabas sa youtube? Magbigay ng mga halimbawa mula sa mga napanood.

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

| Anong programa o palabas ito? | Anong katangian o salik sa pagbabalita ang iyong nagustuhan? Bakit? |
|---|---|
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |
| 4. | |
| 5. | |

2. Kung ikaw ang bubuo ng ganitong palabas o programa, ano-ano naman ang kailangan mo pang mapaunlad para maging mabisa at komprehensibo ang iyong ibabalita?

| Anong palabas o programa? | Kailangan mong paunlarin pa, ipaliwanag |
|---|---|
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |

| | |
|---|---|
| 4. | |
| 5. | |

## GAWAIN 4. I-tsek Mo Nga

A. Paano natin ipahahayag ang wastong pagtugon sa anumang mensaheng ating natatanggap? I-tsek mo nga ang S kung sang-ayon ka sa mga sumusunod na panuntunan at DS naman kung hindi.

| 1. Gumamit ng salitang nagsasaad ng paggalang. | **S** | **DS** |
|---|---|---|
| 2. Magbigay-galang sa kausap sa pamamagitan ng angkop na katawagan gaya ng posisyon o katawagan ayon sa edad ng kausap. | | |
| 3. Gumamit ng mga pahayag ng pasasalamat at pagtanggap ng pasasalamat. | | |
| 4. Tumugon nang naaayon sa katwiran at tamang kaasalan. | | |
| 5. Iwasan ang pagbibigay ng komentong makakasasakit ng damdamin. | | |
| 6. Magbigay ng sariling katwiran kung hindi sumasang-ayon ang kausap. | | |
| Alin sa mga nailahad ang hindi mo sinang-ayunan? Bakit?<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>___<br><br>Sa papaanong paraan pa natin maipakikita ang wastong pagtugon sa anumang mensaheng ating natatanggap, naririnig o nababasa?<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>___ | | |

B. Ano-ano ang kailangan natin upang maihanda ang sarili sa isasagawang ulat-balita?

Iguhit ang nakangiting mukha kung kaya mo nang gawin at malungkot na mukha kung hindi pa tungo sa pagsasagawa ng sariling ulat-balita.

| | |
|---|---|
| 1. Nakagagamit ng mabisang salita o pahayag upang maging malinaw ang mensaheng nais kong iparating. | |
| 2. Natutukoy ang datos na kailangan sa paglikha ng sariling ulat batay sa binasa o pinakinggan. | |
| 3. Nakasusulat ng isang balitang maghahatid ng mahahalagang impormasyon batay sa kayarian o tamang pagsusunod-sunod ng impormasyon. | |
| 4. May sapat nang tiwala sa sarili upang mailahad ang mga impormasyong nais ipabatid. | |
| 5. Nababatid ang mga hindi dapat na kaasalan sa pagbabalita. | |
| 6. Nakatutukoy at nakagagamit ng tamang mga paraan upang makakalap ng datos sa paghahatid ng mensaheng dapat malaman ng tagapakinig o manonood. | |
| Paano mo pa dapat matutuhan ang mga bilang na ginuhitan mo ng malungkot na mukha? | |

**Katapusang Bahagi ng Paglinang**

Sa bahaging ito, tinalakay natin ang mga katangian ng mahusay na pagbabalita. Ngayong alam mo na ang mahahalagang kaalamang ito, maaari mong sagutan ang susunod na bahagi ng modyul. Palalalimin natin ang iyong pag-unawa sa susunod na bahagi o pagtalakay.

## PAGPAPALALIM

Bilang panimula sa bahaging ito ng modyul, ibig kong magkaroon ka ng pansariling pagtataya. Sa iyong palagay, sa tulong ng mga sinundang gawaing iyong naisagawa, masasabi mo bang kaya mo ng tatasin ang mga pangangailangan sa komprehensibong pagbabalita? Magagamit mo ba ang mga mensaheng ito upang mas mapahalagahan mo ang kultura ng iyong sariling rehiyon?

Bilang pagpapatuloy sa araling ito, nakabubuti munang balikan mo ang *Konsepto ng Pagbabago* na nasimulan mo sa ilalim ng PAGTUKLAS.
Alin sa mga naging sagot mo ang nangangailangan ng pagbabago? Ilahad mo rin ang mga dahilan kung bakit kinakailangan mong palitan ang iyong mga naging sagot.

## GAWAIN 5. Mga Hakbag sa Mabisa at Komprehensibong Pagbabalita

Panoorin ang ilang palabas sa mga sumusunod na *website* at buuin ang sampung (10) utos sa mabisang pagbabalita.

http://www.youtube.com/watch?v=e5BKfIS0z2M (I-Witness GMA 7 The documentary of Mt. Kamhantik in Mulanay,Quezon)
**Teaser] Mga Nagbabagang Balita: 25 Taon ng TV Patrol (Documentary)**
http://www.youtube.com/watch?v=FfnYKATk-bg
**TV PATROL NEWS DOT CAMPAIGN NEW ADVERT 2012**
http://www.youtube.com/watch?v=084UwHrnPqc


Pagkatapos mong basahin ang nilalaman ng mga website, ilahad moa ng sampung (10)
utos ng pagbabalita.

**SAMPUNG UTOS NG PAGBABALITA**

| |
|---|
| **1.** |
| **2.** |
| **3.** |
| **4.** |
| **5.** |
| **6.** |
| **7.** |
| **8.** |
| **9.** |
| **10.** |

## GAWAIN 6. Nabagong Konsepto

Ibigay ang iyong nabuong bagong mga konsepto na kailangan sa isang komprehensibong pagbabalita.





Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang pinakamahalagang katangiang dapat mong taglayin upang lubos mong mahikayat ang manonood sa iba't ibang kaalaman at mensaheng iyong ibinabalita?

2. Paano nakatutulong ang komprehensibong pagbabalita sa pag-unawa at pagpapahalaga sa kultura at identidad ng isang lipunan?

Sa pagtatapos ng iyong paggalugad sa modyul na ito, nagkaroon ka ng pag-unawa sa kultura at identidad ng Luzon sa pamamagitan ng pagbabasa ng iba't ibang akdang pampanitikan sa iba't ibang rehiyon sa Luzon. Kung kaya't naging malinaw sa iyo ang pag-aaral ng mahahalagang paksa gaya ng nasa mapa sa ibaba.




**Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim**

Sa bahaging ito ng modyul, tinalakay natin ang mga kaalaman hinggil sa iba't ibang akdang pampanitikang panrehiyon upang lubos mong maunawaan ang kultura at identidad ng Luzon. Gayundin kung paano nakatutulong ang mabisang paggamit ng wika sa paghahatid ng mensahe. Naisaalang-alang mo ang mga tanong gaya ng sumusunod:

Ano-anong bagong kaalaman ang iyong nakuha na maaari mong magamit sa pang-araw-araw na pamumuhay? At makilala nang lubusan ang Luzon. Ano-ano rin ang nakatulong sa iyo upang matamo ang mga kaalaman tungo sa pagbabahagi rin ng mga impormasyon sa gagawin mong komprehensibong pagbabalita?

## PAGLILIPAT

Ito ang huling bahagi ng aralin na talaga namang inilaan upang higit pang mapayaman ang iyong kaalaman at mapagtibay ang anumang bagay na iyong natutuhan. Mga natutuhang magagamit mo sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Layunin ng bahaging ito na sukatin ang iyong natutuhan sa pamamagitan ng paglilipat ng kaalaman sa pagsasakatuparan ng proyekto tungkol sa isang masining na pagtatanghal. Upang maihanda ka sa iyong inaasahang pagganap tungkol sa malikhaing pagta-tanghal, gawin mo muna ang mga paunang gawain sa ibaba.

GAWIN MO NA ANG ***PERFORMANCE TASK*** NA ITO!

**KOMPREHENSIBONG PAGBABALITA**

Sa kasalukuyan ay nahihilig ang mga kabataan sa paggamit ng *social media*. Nababahala ang Kulturang Pamana tungkol sa tuluyang pagkalimot sa pinagmulan, identidad at kultura na ating kinamulatan. Naatasan kayong maglunsad ng programa na naglalayong buhayin at paigtinging muli ang interes ng mga kabataan sa iba't ibang akdang pampanitikan sa pamamagitan ng komprehensibong pagbabalita na maaaring ilathala sa iba't ibang *social networking sites*. Ang inyong pagganap ay mamarkahan batay sa paraan ng pagbabalita, komprehensibong paglalahad ng mga impormasyong sinasalamin ng panitikang Pilipino, organisasyon, at mabisang paggamit ng wika.

**RUBRIK SA PAGBABALITA (NEWSCASTING)**

| PAMANTAYAN | Mahusay (4) | Natugunan (3) | Pasimula (2) | Nangangailangan pa ng Pag-unlad (1) |
|---|---|---|---|---|
| **NILALAMAN** | Detalyado at kumpletong dokumentado ang datos na nakalap at ginamit upang lubos na | Kompleto at malinaw ang datos na nakalap at ginamit upang maipakilala ang kultura, | Malinaw bagamat kulang na kulang ang datos na nakalap at ginamit upang maipakilala ang kultura, identidad at | Hindi malinaw at walang kaugnayan ang datos na nakalap at ginamit upang maipakilala ang kultura, identidad |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | maipakilala ang kultura, identidad at pinagmulan ng isang rehiyong sinasalamin ng mga akdang pampanitikan. | identidad at pinagmulan ng isang rehiyong sinasalamin ng mga akdang pampanitikan. | pinagmulan ng isang rehiyong sinasalamin ng mga akdang pampanitikan. | at pinagmulan ng isang rehiyong sinasalamin ng mga akdang pampanitikan. |
| **BISA NG PAGPA-PAHAYAG** | Mabisang naipahayag ang datos at ideya sa pasulat at pabigkas na paraan. | Malinaw na naipahayag ang datos at ideya sa pasulat at pasalitang paraan | Hindi malinaw na naipahayag ang ideya bagamat naipahayag naman nang malinaw ang datos sa pasulat at pabigkas na paraan. | Hindi malinaw ang datos at ideya sa pasulat at pabigkas na paraan |
| **ORGANI-SASYON** | Kawili-wili, kaabang-abang at napakalinaw ang paglalahad ng datos mula simula hanggang katapusan ng balita. | Malinaw at maayos ang paglalahad ng datos mula sa simula hanggang katapusan ng balita. | May ilang bahaging hindi naging malinaw ang ugnayan ng datos bagamat maayos naman ang paglalahad ng datos. | Hindi maayos ang paglalahad ng datos mula simula hanggang katapusan ng balita bagama't may ilang bahaging naging malinaw naman. |
| KABUUAN | | | | |

**Katapusang Bahagi ng Paglilipat**

Sa bahaging ito, naisagawa mo na ang komprehensibong pagbabalita. Ngayon, paano mo ilalarawan ang iyong isinagawang pagganap? Paano nakatulong ang gawain upang maunawaan mo kung paano maisagawa ang komprehensibonng pagbabalita gamit ang mga akdang pampanitikang nagpapakita ng kultura at pagkakakilanlann ng iyong rehiyon?

Handa ka na ngayong ipagpatuloy ang pagsagot sa modyul na ito sa pamamagitan ng susunod na aralin.

## PANGHULING PAGTATAYA

Ito na ang pagkakataon upang mataya mo ang iyong natutuhan. I- klik lamang ang titik nang napili mong sagot. Makikita mo ang iyong nakuhang iskor kapag natapos mong sagutan ang pagsusulit. Kung ikaw ay nakapasa, maaari ka nang tumungo sa kasunod na modyul at kung hindi, kailangan mo uling balikan ang modyul na ito.

Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA.

Basahin at unawaing mabuti ang mga tanong. I-klik ang titik nang napili mong sagot.

1 Ano ang tawag sa patulang paglalahad ng kaisipan na may layuning mang-aliw sa pamamagitan ng isang palaisipan na tinatawag ding *burburtia* sa mga Ilokano?
   a. tugmang de gulong
   b. kasabihan
   c. bugtong
   d. panudyo

2. Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang sa pangkat ng mga uri ng akdang pampanitikan?
   a. bugtong
   b. mito
   c. kasabihan
   d. awiting panudyo

3. Ano ang tawag sa mga akdang nasusulat sa anyong tuluyan ay binubuo ng mga pangungusap at talata. Alin ang hindi nasa anyong tuluyan?
   a. dula
   b. sanaysay
   c. alamat
   d. epiko

4-5. Ano ang kahulugan ng salitang sinalungguhitan sa loob ng pangungusap?

4. Masyado nang <u>gitata</u> ng pawis sa kanyang likod dahil sa matinding pag-eehersisyo.
   a. sobra
   b. basang-basa
   c. tuyot
   d. mabaho
5. Kung patuloy tayong maniniwala sa enigma o *hibat,* patuloy rin tayong mabubuhay ng takot at patuloy na umaasa nang walang kasiguruhan.

a. problema o pagsubok
b. grasya o pagpapala
c. himala o hiwaga
d. pag-asa o solusyon

6. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang mali?
   a. Ang tugmang de gulong ay ang mga paalala na maaari nating matagpuan
      sa mga pampublikong sasakyan.
   b. Ang bugtong ay isang pangungusap o tanong na may doble o nakatagong kahulugan na nilulutas bilang isang palaisipan.
   c. Ang tulang panudyo ay kabaligtaran ng eupemistikong pahayag.
   d. Ang tugmang de gulong, panudyo at bugtong ay mga tulang pambata.

7. Ano ang pinakaangkop na katunayan ng pahayag na: "Bagamat para sa lahat ang karunungan, natatamo lamang ito ng mga may puso"?
   a. Lahat ng mababait at masunurin ay nakapagtatamo ng karunungan.
   b. Lahat ng may mabubuting kaloobang marunong umiwas sa anumang tukso ay nagtatamo ng karunungan.
   c. Lahat ng tao ay may puso at nakapagtatamo ng karunungan.
   d. Lahat ng taong may pangarap at nagnanais ng pag-unlad ay nakapagtatamo ng karunungan.

| |
|---|
| Bugtong ni German Gervacio<br><br>Sa bahay ni Sangko Henry<br>Piyesta araw-araw, gabi-gabi.<br>Sagot: mall<br><br>Hindi naman pelikula<br>Pinipilahan ng gutom na masa.<br>Sagot: NFA rice |

8. Alin sa mga sumusunod ang higit na nangingibabaw na kahulugan ng mga bugtong sa loob ng kahon? Pangatwiranan ang sagot.
   a. Sistemang kolonyal at sikolohikal
   b. Politikal at ekonomikal na kalagayan
   c. Historikal at karapatang pantao
   d. Modernisasyon at pagbabago ng lipunan

9. Ano ang kahulugan ng pangungusap na ito batay sa antala?
   **Ate, Aicel, ang kaibigan ko.**
   a. Ipinakikilala mo si ate Aicel sa iyong kaibigan.
   b. Ipinakikilala mo sa iyong kaibigan ang iyong ate at si Aicel.
   c. Ipinakikilala mo ang iyong ate at si Aicel sa iyong kaibigan.
   d. Ipinakikilala mo sa iyong ate si Aicel na iyong kaibigan.

Basahin ang teksto sa ibaba upang masagot ang bilang ng mga tanong 11-14.

| |
|---|
| Noong araw ay may isang magandang dalagang nagngangalang "Rosa," na balita sa kanyang angking kagandahan, kayumian, at kabaitan. Maraming nangangayupapa sa kanyang kagandahan. Ngunit ni isa sa mga ito ay hindi niya mapusuan. Dahil ang gusto ni Rosa ay ang maglingkod sa Panginoon at sa pagtulong sa mga nangangailangan ng kanyang tulong. Ngunit si Cristobal, isang mahigpit niyang mangingibig, ay hindi makapapayag na hindi mapasakanya ang dalaga. Ito'y nagtangkang agawin si Rosa at dinala ito sa hardin. Ngunit nananalangin si Rosa sa Panginoon at noon din ay naging bangkay siya. Sa takot ni Cristobal ay ibinaon niya ang dalaga sa bakuran nito at saka siya lumayo sa pook na iyon upang hindi na magbalik kailanman. Mula noon ay hindi na nakita ng mga tagaroon si Rosa. Sa halip, sa bakuran nito ay may isang halamang tumubo na may bulaklak ngunit paghawak sa tangkay nito ay mapasisigaw ka dahil sa talas ng tinik ng halamang hinahawakan. Dahil niloob ito ng Panginoon na gawing bulaklak si Rosa na ang tangkay ay may mga tinik na tagapangalaga rito upang di-pagnasaang putulin lamang nang sinuman. ( http://www.scribd.com/doc/49588241/ALAMAT-NG-ROSAS) |

10-11. Suriin ang mga pangungusap at tukuyin kung anong pinakaangkop na pahayag ang dapat gamitin sa patlang.

10. Susuportahan ko ang __________na ambisyon ang aking anak.
    a. bantog
    b. mataas
    c. matayog
    d. matangkad

11. __________ang Diyos nang higit sa lahat.
    a. hangaan
    b. mahalin
    c. sambahin
    d. ibigin

12. Anong uri ng akdang pampanitikan ang pinakamalapit na katangian ng tekstong iyong binasa?
    a. maikling kuwento
    b. sanaysay
    c. balita
    d. alamat

13. Ano kaya ang maaaring mangyayari o magiging wakas kung hindi ipinilit ni Cristobal ang kanyang kagustuhang mapasakanya si Rosa? Piliin ang pinakaangkop na mangyayari batay sa mga hinuhang nailahad na.
    a. Magiging isang mabuti siyang ina ng kanyang mga anak.
    b. Makakasal siya kay Cristobal kung magtitiyaga siya sa panliligaw sa kanya.
    c. Mananatili siyang tagapaglingkod ng Panginoon.
    d. Magiging matagumpay siyang lider ng bansa.

14. Alin sa mga sumusunod ang katangian ng isang maikling kuwento?
    a. Isang anyong patula na maaaring batay sa totoong karanasan ng sinumang nilalang o mga pangyayaring likhang-isip lamang.
    b. Isang maikling salaysay patungkol sa mga diwata, mahiwagang nilalang, may isang tagpuan at ng mga tauhang may taglay na kapangyarihan.
    c. Nagsasalaysay ng mga pangyayaring may iisang kakintalan, may iisang kasukdulan at binubuo ng ilang mga tauhan at tagpuan.*
    d. Anyong tuluyan na nagsasalaysay ng makatotohanang pangyayari sa buhay ng manunulat o ng iba't ibang taong dumanas ng masalimuot na buhay sa lipunan.

| |
|---|
| (1) Ang Penicillin ay isa sa mga pinahahalagahang gamot sa kasalukuyan. (2) Nakapagligtas na ito ng libo-libong buhay at magliligtas pa sa mga susunod na panahon. (3) Ngunit wala naman itong epekto sa mga sakit na taglay ng tao lalo na sa masasamang budhi. (4) Mainam na gamot ito kung gayo'y hindi nakagagamot sa lahat ng karamdaman. |

15. Saan matatagpuan ang puno o pangunahing pangungusap sa talatang binasa?
    a. unang pangungusap
    b. gitnang pangungusap
    c. una at huling pangungusap
    d. walang pangunahing pangungusap

16. Sina Fourth at Fifth ay kambal. Sila ay may magkaibang katangian. Ang ganitong paraan ng paglalahad ng kaisipan ay sumusunod sa anong kohesyong gramatikal?
    a. kataporik
    b. metodolohiya
    c. anaporik*
    d. suprasegmental

| |
|---|
| Manalig kang may Dakilang Lumikha na siyang namamatnugot sa kapalaran ng tao at ng bansa. |

Ibigin mo ang iyong tinubuang lupa sapagkat iyan ang tahanan ng iyong bayan, ang pugad ng iyong pag-ibig, at batis ng iyong kaligayahan at ginahawa. Kauna-unahan mong tungkulin ang siya'y ipagtanggol. Humanda ka sa lahat ng sandali na magpakasakit at mamatay nang dahil sa kanya kung kinakailangan.
Magbayad ka ng kusa at maagap ng iyong buwis…
Ipagsanggalang mo ang kalinisan ng paghahalal at igalang ang mga kapasiyahan ng nakararami.
Ibigin mo ang iyong mga magulang. Tungkulin mong sila'y paglingkuran nang buong puso at kasiyahan.
Mamihasa ka sa paggamit ng mga yari sa Pilipinas. Tangkilikin mo ang mga ani at kalakal ng iyong mga kababayan…
Ang gawaing masama ang pagkakagawa ay mas masahol pa sa gawaing di-ginawa. Huwag mong ipagpabukas ang magagawa mo ngayon…

*Mula sa Batas ng Kagitingan at Kagandahang Asal na hinango ang ilang bahagi sa Kautusang Tagapagpaganap Blg. 217 na inilagda ni Pangulong Manuel Quezon noong Agosto 19, 1939.*

17. Anong uri ng akdang pampanitikan ang binasang teksto?
    a. tula
    b. sanaysay
    c. balita
    d. dula

18. Alin sa mga sumusunod na sitwasyon ang malinaw na lumalabag sa batas na nilagdaan ni dating Pangulong Manuel Quezon?
    a. Hindi ko matatanggap ang aking pagkatalo sa eleksyon dahil alam kong mas karapat-dapat akong manalo kaysa sa aking kalaban.
    b. Kailangan kong mag-aral sa ibang bansa upang maging matalino at doon na magtrabaho upang umunlad naman ang aming buhay.
    c. Sasama ako sa welga ng mga kapwa ko Pilipino upang tutulan ang batas na lumalabag sa aking karapatan.
    d. Mas tatangkilikin ko ang gawang dayuhan kaysa produkto o gawang Pilipino kung alam kong hindi naman matibay at makasisira sa aking kalusugan.

19. Naatasan kang alamin ang persepsyon ng iyong mga kamag-aral sa mga dapat at hindi dapat na maisabuhay na kaugaliang kinagisnan ng ating mga katutubo. Alin sa mga sumusunod ang pinakaangkop, pinakamabilis at mabisang pamamaraan sa pangangalap ng datos?
    a. Pakikipanayam sa lahat ng kamag-aral.
    b. Pagbabasa ng mga aklat.
    c. Pagsasagawa ng sarbey upang alamin ang sagot ng nakararami.
    d. Pagpo-*post* sa *social networking sites* upang alamin ang kanilang pananaw.

20. Ikaw ay makikipanayam sa ilan sa mga matatanda sa inyong pook upang alamin ang kanilang kinagisnang kultura at paniniwala. Ano-anong mga hakbang ang kailangan mong maisagawa?
    a. Hihingi ng permiso sa *Barangay Captain* at pamunuan ang pulong sa *barangay hall* upang magbigay ng seminar.
    b. Makikihalubilo at makikipagkuwentuhan sa umpukan ng mga matatanda o kaya'y magbahay-bahay para magsarbey.
    c. Magpa-*party* sa komunidad ng mga katutubo upang mahimok silang tumugon sa iyong mga tanong.
    d. Magpamudmod ng polyetos sa bawat tahanan upang mabigyan sila ng kaalaman sa mga dapat maisabuhay na kaugalian.

## GLOSARYO NG MGA TERMINO NA GINAMIT SA MODYUL

**Alamat.** Kuwento ng pinagmulan.

**Anaporik.** Panghalip na ipinapalit sa pangngalan sa unahan ng pangungusap.

**Balita.** May layuning maglahad ng impormasyon batay sa mga tunay na pangyayari sa lipunan.

**Bugtong.** Isang patulang tanong na may doble o nakatagong kahulugan na nilulutas bilang isang palaisipan.

**Hinuha**. Matalinong pagkukuro na nakabatay sa mga higing (clues).

**Kataporik.** Panghalip na ipinapalit sa pangngalan sa unahan ng pangungusap.

**Kuwentong-Bayan.** Nahahati sa tatlo ang kuwentong-bayan(folklore) ayon kay Dr. Damian Eugenio(2001), maaaring hatiin sa tatlong pangkat:mito, alamat at salaysayin(folktales).

**Maikling Kuwento.** Kuwentong nagpasalin-salin sa bibig ng mamamayan.

**Mitolohiya.** Kuwento ng mga diyos, diyosa, diwata, at malign.

**Sanaysay.** Nagpapahayag ng kuro-kuro o opinyon ng may-akda tungkol sa isang isyu, suliranin o pangyayari.

**Suprasegmental.** Pagbabago sa kahulugan ng pahayag dahil sa tono, diin, haba at antala.

**Tugmang De Gulong**. Mga paalala na maari nating matagpuan sa mga pampublikong sasakyan isinusulat sa paraang patula.

**Tulang Panudyo.** Maaaring awitin bilang panunukso ng mga bata sa kapwa bata.

**TALASANGGUNIAN NA GINAMIT SA MODYUL**

Abad, M. (2003). **Retorika.** National Book Store: Lungsod ng Mandaluyong.

Casanova, A, Tiamson Rubin,L.,Lagrada,H., Vidanes, A. (2001). **Panitikang Pilipino.** Rex Printing Company,Inc.: Lungsod ng Quezon.

Marquez, S. (2004). **Mapayapang Lipunan IV**. SIBS Publishing House, Inc.: Lungsod ng Mandaluyong.

Monton,L.,Aguila, M.,Guimare,A. (1999). **Daloy ng Diwa II: Wika at Panitikan**. Trinitas Publishing, Inc.:Lungsod ng Quezon.

**MGA WEBSITE NA GINAMIT SA MODYUL**

Rebancas, Maria Cristina. Alamat ng Rosas.
http://www.scribd.com/doc/49588241/ALAMAT-NG-ROSAS.

**Gervacio, German V. 101 Bugtong na Hindi Alam ng Titser mo.**
http://glenngomez08.wordpress.com/2013/06/18/talinghaga-at-modernismo-sa-101-bugtong-na-hindi-alam-ng-titser-mo-ni-german-v-gervacio/

GMA News TV Documentaries.
http://www.youtube.com/results?search_query=gma+news+tv+documentaries
**I-Witness GMA 7 The documentary of Mt. Kamhantik in Mulanay,Quezon**
http://www.youtube.com/watch?v=e5BKfIS0z2M
I WITNESS LIHIM NG KANLURAN
http://www.youtube.com/watch?v=8RPNmZEz3Ns
Rattan iWitness
http://www.youtube.com/watch?v=48pqoP8LK3c
[Teaser] Mga Nagbabagang Balita: 25 Taon ng TV Patrol (Documentary)
http://www.youtube.com/watch?v=XtfY0K7MMEM
TV PATROL NEWS DOT CAMPAIGN NEW ADVERT 2012
http://www.youtube.com/watch?v=FfnYKATk-bg

Baguio students play basketball in bahag
http://www.youtube.com/watch?v=084UwHrnPqc

**Balitang Barangay.Pahayagang PangkauInlaran ng mga Baragay sa Bansa.**
http://balitangbarangay.blogspot.com/

**Balita. Ang Nangungunang Pahayagang Tagalog sa Bansa.**
http://www.balita.net.ph/tag/lokal/page/2/

**Pinoy Balita News Online.**
http://www.pinoybalita.info/local-news

**Gabay ng Mag-aaral.**
http://teksbok.blogspot.com/2013/01/uri-ng-balita.html
http://prezi.com/zqo9sgxguvzh/copy-of-ang-paglalakbay-sangkap-at-pamatnubay-ng-balita/

**Ben Balagulan.Ang Paglalakbay, Sangkap at Pamatnubay ng Balita**
http://fil.wikipilipinas.org/index.php/10_Dapat_Tandaan_sa_Pagsulat_ng_Artikulo_sa_WikiFilipino

**Balita. Tunay na Ganda ng Albay.**
http://www.balita.net.ph/2013/04/22/tunay-na-ganda-ng-albay/